SHORELINE

PUBLIC SCHOOLS

2020-2021 Pahayag ng Mga Responsibilidad at Karapatan ng Mga Mag-aaral,

Impormasyon sa Childfind Screening

at

Mga Taunang Iniaatas na Paunawa (kabilang ang Paunawa sa Pag-opt Out sa FERPA/Media)

Mga Pampublikong Paaralan sa Shoreline

Talaan NG NILALAMAN

Disiplina ng Mag-aaral....1

Kustodiya sa Bata....34

Paglaban sa Pandidiskrimina....34

Mga Talaan ng Mag-aaral....35

Sekswal na Panliligalig....36

Pagbabawal sa Panliligalig, Pananakot, at Pambu-bully/

Pambu-bully sa Cyberspace....37

Paunawa Laban sa Pandidiskrimina, Proseso ng Paghahain ng

Karaingan/Reklamo....38

Mga Pinahintulutan at Hindi Pinahintulutang Pagliban sa Klase....40

Etika at Pagiging Matapat....45

Paggamit ng Internet....46

Pag-uugali ng Mag-aaral sa Mga Bus.....47

Paggamit ng Pisikal na Pagpigil at Paglalayo sa Iba....49

Mga Protocol sa Pagtugon sa Emergency 52

Gun Free Zone.....55

Mga Paghahanap gamit ang Aso.....55

Childfind....55

Ang Karapatan Mong Malaman ang Nangyayari....55

Mga Karapatan sa FERPA.....56

Paunawa sa Pag-opt Out sa FERPA (mga larawan, impormasyon sa

direktoryo, at media)....57

Paggamit ng Pamatay-peste.....58

Plano sa Pamamahala sa Asbestos....61

PAHAYAG NG MGA RESPONSIBILIDAD
AT KARAPATAN NG MGA MAG-AARAL
(Binago Noong Agosto 2020)

Mga Pampublikong Paaralan sa Shoreline
18560 1st Ave. N.E., Shoreline, WA 98155
206.393.6111 ~ www.shorelineschools.org

Inilimbag ang handbook na ito alinsunod sa mga pang-estado at pederal na batas at regulasyong nagpapatupad ng mahahalaga at pampamamaraang karapatan at responsibilidad ng mga mag-aral. Ang lahat ng probisyon ng handbook na ito ay dapat bigyang-kahulugan alinsunod sa mga nasabing batas at regulasyon. Ang materyal sa handbook na ito ay muling inilimbag o inihango mula sa mga patakaran ng Lupon ng Mga Direktor at mga pamamaraan ng Distrito na mangingibabaw sa anumang partikular na sitwasyon. Tandaang ang mga patakaran at pamamaraan ay patuloy na isinasailalim sa pagsusuri, at maaaring magkaroon ng mga pagbabago ang mga ito anumang oras. Ang lahat ng kasalukuyang patakaran at pamamaraan ay maaaring makuha sa pangunahing tanggapan ng lahat ng gusaling pampaaralan at sa pamamagitan ng website ng Distrito sa www.shorelineschools.org.

DISIPLINA NG MAG-AARAL

{Hango sa Patakaran #3300, Mga Inaasahang Pag-uugali at Makatuwirang Parusa sa Mag-aaral}

Kinikilala ng Lupon na may malaking kaugnayan sa pag-aaral ang pag-uugali at gawi ng mag-aaral; kinakailangan ang kaaya-aya at maayos na kapaligiran sa paaralan para sa epektibong programa ng pagtuturo. Kaya naman iniaatas ng Lupon na sumunod ang bawat mag-aaral sa mga panuntunan sa pag-uugali na itinakda ng Distrito at ng iba't ibang paaralan at programa nito, at magpasailalim sa pagkilos para sa pagwawasto na ipapataw bilang pagtugon sa mga paglabag sa nararapat na pag-uugali.

Inaasahang gagawin ng mga mag-aaral ang mga sumusunod:

- Respetuhin ang mga karapatan, pagkatao, at pag-aari ng iba;
- Pagdaanan ang kinakailangang kurso ng pag-aaral;
- Panatilihin ang antas ng kaayusang kinakailangan para sa positibong kapaligiran sa pag-aaral;
- Sumunod sa mga panuntunan at regulasyon ng Distrito; at
- Magpasailalim sa awtoridad ng mga tauhan at sa makatuwirang pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali na ipapataw ng mga empleyado ng paaralan, at tumugon nang naaayon sa mga ito.

Gagawa ang tagapamahala ng mga makatuwirang panuntunan sa pag-uugali ng mag-aaral (tingnan ang Pamamaraan 3300P) upang mapanatili ang kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral at empleyado, at magpanatili ng

proseso ng edukasyon na mainam para sa pag-aaral. Malinaw na isasaad ng mga panuntunang iyon ang mga uri ng maling pag-uugaling dapat patawan ng pagdidisiplina, pagsususpinde, at expulsion.

Alinsunod sa batas ng estado, bibigyang-kahulugan ang mga panuntunan sa pag-uugali ng mag-aaral na ipapatupad ng Distrito sa paraang nagtitiyak na mapapanatili ang pinakamainam na kapaligiran sa pag-aaral sa silid-aralan, at ginagawang pangunahing priyoridad ang pagsusuri sa mga kwalipikadong guro kaugnay ng mga kundisyong kinakailangan upang mapanatili ang pinakamainam na kapaligiran sa pag-aaral.

Ipapatupad ng mga opisyal ng paaralan ang mga panuntunan sa pag-uugali ng mag-aaral:

- Sa nasasakupan ng paaralan habang oras ng paaralan o ilang sandali bago o pagkatapos nito;
- Sa nasasakupan ng paaralan sa anumang iba pang oras sa tuwing ginagamit ng (mga) pangkat sa paaralan o para sa isang aktibidad ng paaralan ang pasilidad ng paaralan;
- Sa labas ng paaralan para sa aktibidad, gawain, o kaganapan ng paaralan;
- Sa labas ng paaralan kung ang pagkilos ng mag-aaral ay makakaapekto o makakaabala nang matindi sa proseso ng pag-aaral o mga pagpapatakbo ng Distrito; at
- Sa transportasyong ibinibigay ng paaralan, o sa anumang iba pang lugar habang ang mga mag-aaral ay napapailalim sa awtoridad ng tauhan ng paaralan.

Bukod pa sa mga panuntunang itinakda sa Pamamaraan 3300P, maaaring gumawa at magpatupad ang mga paaralan ng mga panuntunan sa pag-uugali ng mag-aaral na partikular sa kanila (kabilang sa mga halimbawa ang pagtatakda ng mga lugar na hindi dapat puntahan, pagbabawal ng pagkain sa carpet, atbp.) Dapat tumugma ang mga panuntunang iyon sa mga panuntunan sa pag-uugali ng mag-aaral ng Distrito.

MGA PANUNTUNAN SA PAG-UUGALI NG MAG-AARAL

{Hango sa Pamamaraan #3300P, Mga Inaasahang Pag-uugali at Makatuwirang Parusa sa Mag-aaral}

Mga Panuntunan sa Pag-uugali ng Mag-aaral

Isinasaad ng pamamaraang ito ang mga inaasahang pag-uugali para sa mga mag-aaral, at ang mga parusang maaaring ipataw dahil sa paglabag sa mga inaasahang iyon. Para sa mga pamamaraang nangangasiwa sa pagpapataw at pagpapawalang-saysay sa disiplina (hal., mga pagsuspinde at expulsion), tingnan ang Patakaran 3310 at Pamamaraan 3310P.

1. Alak/Mga Kemikal na Substance – Ipinagbabawal ang pagdadala, paggamit, pamamahagi, pagpapakita ng patunay ng paggamit,

pagbebenta, pangingikil, o pangangasiwa ng pagbebenta ng alak o ilegal na droga. Ipinagbabawal din ang pagdadala ng paraphernalia ng droga o anumang bagay na maituturing bilang paraphernalia ng droga. Habang nasa paaralan o mga kaganapan ng paaralan, dapat umalis kaagad ang mga mag-aaral sa anumang sitwasyon kung saan nagaganap ang mga natuturang aktibidad. Nauunawaan ng mga mag-aaral na hinihikayat ng komunidad na iulat nila ang anumang sitwasyong maaaring pagmulan ng panganib sa kanilang kalusugan o kaligtasan at sa kalusugan o kaligtasan ng ibang mag-aaral, o ang anumang sitwasyong kumakatawan sa paglabag sa mga batas ng estado, patakaran ng Distrito, at kodigo na sinumpaang ipatupad ng pamunuan ng paaralan.

2. Pagbabago ng Mga Talaan – Ipinagbabawal ang pagpapalsipika, pagbabago, o paninira ng pampaaralang talaan o anumang komunikasyon sa pagitan ng tahanan at paaralan.
3. Pagsunog – Ipinagbabawal ang sinasadyang pagpapasimula ng sunog o pagdadala ng mga kagamitang maaaring pagsimulan ng sunog.
4. Pag-atake/Pagbabanta/Pananakit – Ipinagbabawal ang pag-atake na tinutukoy bilang pisikal o pasalitang pagbabanta. Ipinagbabawal din ang pananakit na tinutukoy bilang karahasan sa mga tao.
5. Pagpasok sa Paaralan – Alinsunod sa batas ng estado at patakaran ng Distrito, iniaatas ang araw-araw na pagpasok sa paaralan ng lahat ng nakatalang mag-aaral. Upang maituring na pumasok sa paaralan, dapat ay nasa paaralan ang mag-aaral sa loob ng hindi bababa sa 50% o katumbas na tatlong kurso sa araw ng paaralan. Dapat pasukan ng mga mag-aaral ang mga regular na nakaiskedyul na klase at aktibidad, maliban kung opisyal silang pinahintulutan ng (mga) itinalagang kawani sa palapag ng gusali na lumiban. Ipinapaunawa sa mga mag-aaral at magulang na ang labis at/o hindi pinahintulutang pagliban, anuman ang dahilan, ay maaaring magresulta sa pagkawala ng credit at/o mga pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali kahit pa karaniwan o mas mahusay sa karaniwan ang gawaing makukumpleto ng mag-aaral sa mga panahong pumasok siya paaralan.
6. Panloloob – Ipinagbabawal ang panloloob sa paaralan, mayroon mang layuning magnakaw o wala.
7. Pandaraya – Ipinagbabawal ang pandaraya. Ituturing na nandaya ang sinumang mag-aaral na sadyang nagpasa ng gawa ng iba, at nagsabi na gawa niya ito. Kabilang din sa pandaraya ang pagtulong o panunulsol sa pandaraya ng iba sa pamamagitan ng pagpapalsipika, pagbabago, o paninira ng mga talaang pampaaralan sa anumang paraan.
8. Pagsasara/Pagbubukas ng Campus – Ang mga mag-aaral mula sa baitang K hanggang 8 ay inaatasang manatili sa paaralan mula sa oras ng pagdating hanggang sila ay opisyal na pauwiin. Ang mga mag-aaral sa sekundarya ay inaasahang sumunod sa mga alintunin ng pagsasara/pagbubukas ng campus na itinalaga sa bawat site. Maaaring tanggalan ng pribilehiyong makalabas ng campus ang mga mag-aaral na hindi nagpapakita ng pag-uugali sa responsableng paraan o madalas magpunta sa mga itinalagang

pinaghihigpitang lugar malapit sa paaralan, sa oras na maaring lumabas ng campus. Ang mga mag-aaral na aalis ng campus pagkatapos matanggalan ng pribilehiyo na makalabas ng campus ay mapapatawan ng higit pang pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali.

9. Pakikipagtulungan sa Mga Kawani ng Paaralan, Panuntunan ng Paaralan, o Patakaran ng Distrito – Dapat sumunod ang mga mag-aaral sa tagubilin ng mga kawani ng Distrito na naaayon sa batas.
10. Kriminal na Aktibidad – Ang mga mag-aaral na masasangkot sa mga kriminal na pagkilos sa loob ng nasasakupan ng paaralan, sa labas ng nasasakupan ng paaralan sa mga kaganapang pinangangasiwaan ng paaralan, o sa labas ng nasasakupan ng paaralan kapag ang mga nasabing pagkilos ay may masamang epekto sa pagpapanatili at pagpapatakbo ng mga paaralan o ng Distrito ay mapapatawan ng pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali ng paaralan, pati na rin ng posibleng paglilitis alinsunod sa batas.
11. Mga Pinagsama-samang Paglabag – Sa loob ng komunidad ng paaralan, ang dalas ng paglabag ng mga mag-aaral sa iba't ibang patakaran, panuntunan, at regulasyon ng paaralan, ay madalas na katumbas o mas matinding alalahanin kaysa sa mga indibidwal na paglabag. Ang pagdidisiplina ay batay sa mga pinagsama-samang epekto ng mga pagkilos na ito.
12. Pananamit at Hitsura – Alinsunod sa Patakaran 3224, Pananamit ng Mag-aaral, ang pananamit at hitsura ay hindi dapat maging dahilan ng mga problemang pangkalusugan o pangkaligtasan.
13. Nakakaabalang Pag-uugali – Ipinagbabawal ang pag-uugali na matindi at malawakang nakakaabala sa proseso ng pag-aaral.
14. Droga (ilegal) – Tingnan ang kahulugan sa “Alak at Mga Kemikal na Substance” sa itaas.
15. Mga Pampasabog – Ipinababawal ang pagdadala, paggamit, o pagbabanta ng pagpapasabog sa loob ng nasasakupan ng paaralan o sa mga kaganapan ng paaralan.
16. Panghuhuthot, Pananakot, o Pamumuwersa – Ipinagbabawal ang panghuhuthot ng pera o pag-aari sa pamamagitan ng karahasan o banta ng karahasan, o pamumuwersa sa isang tao na gawin ang isang bagay sa pamamagitan ng pamimilit.
17. Mga Maling Pag-aakusa/Paninirang-puri - Ang mga mag-aaral ay hindi dapat mag-akusa ng mga maling pag-uugali o magbigay ng mga pahayag na mapanirang-puri.
18. Pakikipag-away – Ipinagbabawal ang pagtatalo nang may pisikal na pananakit.
19. Pamemeke – Ipinagbabawal ang mapanlokong paggamit ng pangalan ng iba sa pamamagitan ng pagsulat o pagpapalsipika ng mga oras, petsa, grado, address, o iba pang datos sa mga pampaaralang form.
20. Pagsusugal – Ipinagbabawal ang pagsusugal o pangangasiwa ng pagsusugal ng iba. Ang ibig sabihin ng “pagsusugal” ay pagtaya o

pagpusta ng isang bagay na may halaga para sa resulta ng swertihang paligsahan o kaganapan sa pakikipagsapalaran sa hinaharap, na nakabatay sa isang kasunduan o pagkakaunawaan na ang isang tao o ang sinuman ay makakatanggap ng bagay na may halaga, depende sa lalabas na partikular na resulta.

21. Pagsali sa Gang/Mga Simbolo ng Gang – Ipinagbabawal ang aktibidad ng gang o pagpapakita ng simbolo ng pagiging kabilang sa isang gang. Tumutukoy ang "gang" sa isang pangkat na binubuo ng tatlo o higit pang tao, na may isang kinikilalang lider, at patuloy at regular na nagsasabwatan at kumikilos nang sama-sama para sa pangunahing layunin ng paggawa ng krimen. Kabilang sa mga simbolo ng gang ang paggamit ng mga senyas ng kamay, pagsulat, at/o pagkakaroon ng kasuotan, alahas, mga accessory, graffiti, o gawi sa pananamit, na kumakatawan sa mga kulay, kasunduan, trademark, pagbabago ng simbolo, o anumang katangian nito na nagpapahiwatig ng pagiging kaanib sa isang gang.
22. Panliligalig/Pananakot/Pambu-bully/Pambu-bully sa Cyberspace – Ang mga mag-aaral ay hindi magsasagawa ng, makikipagsabawatan upang magsagawa ng, o makikipagsabwatan upang magsagawa ang iba ng "paliliglig, pananakot, at pambu-bully/pambu-bully sa cyberspace (harassment, intimidation, and bullying/cyberbullying, HIB)" ayon sa tinukoy sa Patakaran 3308, Pagbabawal sa Panliliglig/Pananakot/Pambu-bully/Pambu-bully sa Cyberspace. Sa pangkalahatan, tumutukoy ang HIB sa anumang sinasadyang nakasulat na mensahe o larawan, kabilang ang mga mensaheng ipinadala sa electronic na paraan (hal., sexting), pasalita o pisikal na gawi, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, gawing ipinapakita nang may motibasyon ng anumang katangiang nakasaad sa RCW 9A.36.080 (lahi, kulay, bansang pinagmulan (kabilang ang wika), kasarian, sekswal na oryentasyon kabilang ang pagpapahayag ng kasarian o kinikilalang kasarian, pananampalataya, relihiyon, edad, katayuan bilang beterano o sundalo, kapansanan, o paggamit ng sinanay na gabay na aso o gabay na hayop ng isang taong may kapansanan), o iba pang nagpapakilalang katangian, kapag ang gawi ay pisikal na nakakasakit sa isang mag-aaral o nakakasira sa pag-aari ng mag-aaral; may epekto ng matinding pag-abala sa pag-aaral ng mag-aaral; napakatindi, paulit-ulit, o nangingibabaw na gawi na nagreresulta sa nakakapanakot o nakakapagbantang kapaligiran sa pag-aaral, o may epekto ng matinding pag-abala sa maayos na pagpapatakbo ng paaralan. Maaaring kasama sa ipinagbabawal na HIB ang, ngunit hindi ito limitado sa, mga pang-aalipusta, pagkakalat ng haka-haka, pagbibiro, nakakabastos na pagpapahiwatig, nakakapanliit na pagkokomento, pagguhit, cartoon, prank, paggalaw, pamimisikal, pag-atake, pagbabanta, o iba pang pasulat, pasalita, o pisikal na pagkilos.
23. Pagpapakilala ng Sarili – Kung hihilingin, ang lahat ng tao ay dapat magpakilala sa mga naaangkop na awtoridad ng paaralan sa gusaling pampaaralan, sa nasasakupan ng paaralan, o kaganapan ng paaralan.
24. Mga Laser at Katulad na Device – Ipinagbabawal ang pagdadala o paggamit

ng mga laser at katulad na device, na hindi paunang pinahintulutan ng mga awtoridad ng paaralan.

25. Pagkakalat – Ipinagbabawal ang paghagis, pag-iwan, paglagak, o pagtapon sa pampublikong pag-aari.
26. Pagtambay – Ang mga mag-aaral ay inaasahang dumating nang hindi mas maaga ng tatlumpung (30) minuto bago ang oras ng pagpasok at umalis sa campus ng paaralan sa opisyal na pagsasara ng araw ng paaralan, maliban kung dumadalo sa isang aktibidad ng paaralan.
27. Malisyosong Paninira – Ipinagbabawal ang pagdudulot ng pagkakasira sa pag-aari o ang sinasadyang pakikialam sa pag-aari ng isang tao nang walang pahintulot ng taong iyon.
28. Mga Paglabag sa Paggamit ng Sasakyan – Bagama't pinapahintulutan ang pagmamaneho ng sasakyan papasok sa paaralan, hindi ito hinihikayat. Ang mga mag-aaral na gustong magmaneho ng sasakyan papasok sa paaralan ay dapat: (a) tumupad sa lahat ng panuntunan ng ligtas na pagmamaneho sa loob at paligid ng nasasakupan ng paaralan; (b) pumarada sa lugar na itinalaga ng mga tagapangasiwa ng gusali; at (c) sumunod sa anumang pamamaraan sa pagpaparehistro na maaaring kinakailangan ng mga tagapangasiwa ng gusali. Ang pagtangging sumunod sa mga kundisyong ito ay maaaring magresulta sa pagtatanggal ng pribilehiyo sa pagpaparada sa lugar na nasasakupan ng paaralan at/o ibang pang pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali.
29. Mga Gamot na Mabibili nang Walang Reseta/Pinaghihigpitang Substance/ Inireresetang Gamot – Ipinagbabawal ang pag-abuso sa mga gamot na mabibili nang walang reseta at pinaghihigpitang substance.
30. Pagnanakaw – Ipinagbabawal ang pagnanakaw sa isang indibidwal sa pamamagitan ng pagmumuwersa o pagbabanta.
31. Sekswal na Panliligalig – Tulad ng ibang uri ng panliligalig, ipinagbabawal ang panliligalig dahil sa kasarian ng isang tao. Maaaring kabilang sa sekswal na panliligalig ang, ngunit hindi ito limitado sa: pamimilit ng pagbibigay ng sekswal na pabor bilang kapalit ng mas mabuting pakikitungo o isang bagay na may halaga; pagsasaad o pagpapahiwatig na may mawawala sa isang tao kung hindi niya pagbibigyan ang sekswal na kahilingan; pagmumulta sa isang tao dahil sa pagtangging pumayag sa isang sekswal na pagpapahiwatig o pagbibigay ng benepisyo sa isang taong papayag dito; pagbibigay ng hindi kaaya-aya, nakakapanakit, o hindi naaangkop na sekwal na opinyon, komento, muwestra, o biro o mga banat na sekswal tungkol sa hitsura, kasarian, o pag-uugali ng isang tao; paggamit ng nakakapanliit na sekswal na termino tungkol sa isang tao; pagtayo nang masyadong malapit, hindi naaangkop na paghawak, pagsukol, o pagsunod sa isang tao; sexting; o pagpapakita ng mga nakakapanakit o hindi naaangkop na larawan sa nasasakupan ng paaralan. Ang sinumang mag-aaral na naniniwalang siya ay nakaranas ng sekswal na panliligalig o pananakot mula sa sinuman, kabilang ang mga mag-aaral at kawani, ay dapat makipag-ugnayan kaagad sa tagapayo o tagapangasiwa ng gusali. (Tingnan ang Patakaran 3209, Mga

Mag-aaral: Sekswal na Panliligalig, at Patakaran 5013, Mga Kawani: Sekswal na Panliligalig.)

32. Paglabag sa Pagpapahayag ng Mag-aaral – Ang kalayaan sa pagpapahayag ng mag-aaral ay bahagi ng programa sa pagtuturo ng Distrito. Gayunpaman, ang pagpapahayag ng mag-aaral ay hindi dapat bulgar, malaswa, bastos, o nakakapanakit, at hindi ito maaaring gamitin upang abalahin ang proseso ng pag-aaral o maniil ng karapatan ng iba. Ang pagpapahayag na sinusuportahan ng paaralan ay maaaring mas paghigpitan pa batay sa mga lehitimong alalahaning may kaugnayan sa pagtuturo. (Tingnan ang Patakaran 3220, Kalayaan sa Pagpapahayag).
33. Pagkahuli sa Pagpasok – Inaasahan ang mga mag-aaral na pumasok sa tamang oras sa paaralan at sa bawat isa sa kanilang mga klase.
34. Paglabag kaugnay ng Telecommunication Network – Ipinagbabawal ang walang awtorisasyon, ilegal, o hindi naaangkop na paggamit ng telecommunication network system ng Distrito, mga electronic device ng Distrito, o personal na device ng mag-aaral.
35. Pagnanakaw – Ipinagbabawal ang pagnanakaw.
36. Tabako, Mga Produktong May Nicotine, at Mga Device sa Paggamit Nito – Ipinagbabawal sa mga mag-aaral ang pagdadala, paggamit, pagbebenta, at pamamahagi ng mga produktong may tabako at mga device sa paggamit nito sa nasasaklawan ng paaralan, mga school bus, o mga kaganapan ng paaralan. Bukod pa rito, ipinagbabawal sa mga mag-aaral ang paggamit ng mga produktong may tabako at mga device sa paggamit nito sa loob ng 500 talampakan mula sa mga paaralan. Kabilang sa mga produktong may tabako at mga device sa paggamit nito ang, ngunit hindi ito sa, mga sigarilyo, cigar, snuff, tabakong pansigarilyo, tabakong hindi pinapausok, nicotine, mga electronic na device sa paninigarilyo/vaping, at mga produkto sa vaping. (Tingnan ang Patakaran 4316, Paggamit ng Mga Produktong May Tabako o Nicotine at Mga Device sa Paggamit Nito).
37. Panghihimasok – Ipinagbabawal ang pagpunta sa isang ipinagbabawal na lugar o ang pagtangging umalis kapag sinabihang umalis dito.
38. Labag sa Batas na Pakikialam sa Mga Awtoridad ng Paaralan – Ipinagbabawal ang pakikialam sa mga tagapangasiwa, guro, o iba pang kawani habang isinasagawa ang kanilang mga itinalagang tungkuling naaayon sa batas.
39. Bandalismo – Ipinagbabawal ang paninira ng mga pag-aari ng paaralan. (Maaaring ibinbin ang pagbibigay ng mga grado o diploma ng mag-aaral, alinsunod sa batas ng estado.)
40. Bulgar o Malaswang Pag-uugali – Ipinagbabawal ang anumang malaswa, hindi disente, walang galang, o bastos na gawi o pagpapahayag.
41. Mga Sandata o Iba Pang Mapanganib na Device - Ang mga mag-aaral ay hindi dapat magdala, magpakita, gumamit, o magpadala ng mga sandata, iba pang mapanganib na kagamitan, o anumang bagay na makatuwirang maituturing na ganito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga baril, kutsilyo, pamalo, metal na knuckles, punyal, kemikal na inhalant, o anumang

iba pang posibleng mapanganib na kasangkapan sa nasasakupan ng paaralan o kaganapan ng paaralan. Ang anumang pagbubukod hinggil sa nakasaad sa itaas ay nangangailangan ng kaakibat na pahintulot. Maaaring magbigay ng pahintulot para sa mga layunin ng mga produksyon ng dula at pagtatanghal. Pagpapasyahan ang pagbibigay ng pahintulot ayon sa bawat sitwasyon, at sa pamamagitan ng pag-apruba ng Komite ng Distrito sa Mga Materyal sa Pagtuturo (District Instructional Materials Committee). (Tingnan ang Patakaran 2311, Pagpili at Paggamit ng Mga Materyal sa Pagtuturo). Ang mga taong mahigit sa 18 taong gulang at nasa pagitan ng 14-18 taong gulang, sa pamamagitan ng pahintulot mula sa magulang o tagapag-alaga, ay maaaring magdala ng mga personal na spray device para sa proteksyon sa nasasakupan ng paaralan. Walang sinuman ang maaaring magpadala ng spray device sa sinumang wala pang 14 taong gulang o sa sinumang nasa pagitang ng 14-18 taong gulang na walang pahintulot mula sa magulang. Ang mga spray device ay hindi maaaring gamitin maliban kung para sa pagtatanggol sa sarili, ayon sa tinukoy ng batas ng estado. Labag sa patakaran ng Distrito ang pagdadala, paglilipat, o paggamit ng mga personal na spray device para sa proteksyon sa anumang iba pang sitwasyon.

Mga Paunang Natukoy na Pagkilos sa Pagwawasto ng Pag-uugali

Tumukoy ng mga alituntunin ang Distrito upang magbigay ng paunang paunawa sa mga mag-aaral tungkol sa katangian at limitasyon ng mga pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali na, bilang pangkalahatang panuntunan, ay ipapataw bilang tugon sa mga partikular na uri ng maling pag-uugali. Maaaring magbigay ng mga pagpupuwera ang mga nagdidisiplina at opisyal ng pagdinig kaugnay ng mga mapapahintulutan at/o espesyal na sitwasyon. Kung magsasagawa ng matinding paglabag sa tamang pag-uugali matapos ang isa o higit pang naunang pagkasuspinde o expulsion, maaaring magpataw ng pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali na mas matindi kaysa sa nakasaad sa mga alituntunin, hanggang sa at kabilang ang expulsion (alinsunod sa batas at mga regulasyon ng estado at sa Pamamaraan 3310P). Matatagpuan ang mga alituntunin sa Pamamaraan 3300P, na makukuha na sa www.shorelineschools.org.

MGA PAMAMARAAN PARA SA PAGPAPATAW NG PAGDIDISIPLINA SA MAG-AARAL

{Hango sa Pamamaraan #3310P, Pagdidisiplina at Pagkilos sa Pagwawasto ng Pag-uugali dahil sa Maling Pag-uugali ng Mag-aaral}

Tandaan: Ang Tanggapan ng Tagapamahala ng Pampublikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction o OSPI), ang ahensya ng estado na namamahala sa pampublikong edukasyon, ay nagpanukala ng malalaking pagbabago sa mga panuntunan sa disiplina ng mag-aaral sa Kabanata 392-400 ng WAC para sa 2018-19 at 2019-20. Kung sakaling magkaroon ng mga pagbabago sa panuntunan matapos ilathala ang handbook at kailanganing baguhin ang mga patakaran, pamamaraan, at handbook ng Distrito, aabisuhan ng Distrito ang mga mag-aaral at magulang sa pamamagitan ng email at koreo ng U.S.

I. MGA KAHULUGAN

I. MGA KAHULUGAN

Labag na Pag-uugali— Pag-uugali ng isang mag-aaral na lumalabag sa mga panuntunan ng Distrito para sa pag-uugali ng mag-aaral na nakasaad sa Pamamaraan 3300P.

Pagbubukod sa Silid-aralan — Pagbubukod ng isang mag-aaral mula sa silid-aralan o lugar ng pagtuturo o aktibidad para sa mga labag na pag-uugaling magaganap sa anumang bahagi ng isang araw ng paaralan, kung mananatili sa paaralan ang mag-aaral matapos nito. Hindi kabilang sa pagbubukod sa silid-aralan ang mga pagkilos na magdudulot ng saglit na pagkaudlot ng pagtuturo kapag: (1) sumubok ng ibang paraan ng pagdidisiplina ang guro o iba pang tauhan ng paaralan upang suportahan ang mag-aaral sa pagkamit ng mga inaasahang pag-uugali; at (2) nanatili ang mag-aaral sa ilalim ng pangangasiwa ng guro o iba pang tauhan ng paaralan sa maikling panahong ito.

Pagdidisiplina — Anumang pagkilos na isinasagawa ng Distrito bilang tugon sa mga labag na pag-uugali.

Pag-abala sa Proseso ng Pag-aaral — Ang pag-abala sa gawain sa klase, pagdulot ng kaguluhan, o paglabag sa mga karapatan ng isang mag-aaral o pangkat ng mga mag-aaral.

Emergency na Expulsion — Agarang pagpapaalis sa paaralan sa loob ng hanggang 10 magkakasunod na araw ng paaralan dahil ang presensya ng mag-aaral ay nagdudulot ng agaran at patuloy na panganib sa iba pang mag-aaral o kawani ng paaralan, o agaran at patuloy na banta ng matinding pagkaabala ng proseso ng pag-aaral.

Expulsion — Pagtanggi sa pagpasok sa kasalukuyang placement ng mag-aaral sa paaralan bilang tugon sa labag na pag-uugali sa loob ng hindi hihigit sa haba ng isang semestre.

In-School na Pagsuspinde — Panandaliang pagsuspinde sa loob ng hanggang 10 magkakasunod na araw ng paaralan kung saan ibinubukod ang mag-aaral sa kanyang regular na pang-edukasyong setting ngunit nananatili siya sa kanyang kasalukuyang placement sa paaralan.

Pangmatagalang Pagsuspinde — Pagsuspinde kung saan ibinubukod ang mag-aaral sa paaralan sa loob ng mahigit 10 magkakasunod na araw ngunit hindi hihigit sa haba ng isang semestre.

Iba Pang Uri ng Pagdidisiplina — Mga pagkilos na gagamitin bilang tugon sa mga labag na pag-uugali, maliban sa pagbubukod sa silid-aralan, pagsuspinde, expulsion, o emergency na expulsion, kabilang ang pagbubukod sa transportasyon o mga extra-curricular na aktibidad.

Magulang — Alinsunod sa WAC 392-172A-01125, ang biological o nag-ampong magulang ng bata; isang foster parent; isang tagapag-alagang may pangkalahatang awtoridad na magsilbing magulang ng bata o gumawa ng mga desisyon para sa pag-aaral ng mag-aaral, ngunit hindi ang estado, kung ang mag-aaral ay nasa ilalim ng pangangalaga ng estado; isang indibidwal na humahalili sa biological o nag-ampong magulang kabilang ang lolo o lola, stepparent, o iba pang kamag-anak na kasamang naninirahan ng mag-aaral, o isang indibidwal na legal

na responsable para sa kapakanan ng mag-aaral; isang surrogate na magulang na itinalaga alinsunod sa mga regulasyon ng estado; o isang mag-aaral na nasa hustong gulang na may hawak ng mga sarili niyang karapatan alinsunod sa mga regulasyon ng estado.
Araw ng Negosyo ng Paaralan — Anumang araw ng kalendaryo maliban sa Sabado, Linggo, at pederal at pang-estadong holiday sa paaralan, kung kailan bukas sa publiko ang tanggapan ng tagapamahala ng Distrito. Matatapos ang mga araw ng negosyo ng paaralan sa pagsasara ng tanggapan ng tagapamahala para sa araw ng kalendaryo.
Araw ng Paaralan — Anumang araw o hindi buong araw na papasok ang mga mag-aaral sa paaralan para sa mga layunin ng pagtuturo.
Panandaliang Pagsuspinde — Pagsuspinde kung saan ibinubukod ang isang mag-aaral sa paaralan sa loob ng hanggang 10 magkakasunod na araw ng paaralan.
Pagsuspinde — Hindi pagpapapasok sa anumang asignatura o klase, o anumang buong iskedyul ng mga asignatura o klase, bilang tugon sa labag na pag-uugali, maliban sa mga pagbubukod sa silid-aralan, expulsion, o emergency na expulsion.
Pang-akademikong Termino — Isang semestre, na binubuo ng humigit-kumulang 90 araw ng paaralan.

II. MGA PAMAMARAAN PARA SA PAGPAPATAW NG PAGKILOS SA PAGWAWASTO NG PAG-UUGALI

A. Mga Probisyong Nalalapat sa Pangkalahatan

1. Ang bawat sertipikadong guro, tagapangasiwa ng paaralan, driver ng bus ng paaralan, at sinumang iba pang empleyado na itinalaga ng Lupon ng Mga Direktor ay may awtoridad na: (a) magpatupad ng iba pang uri ng pagdidisiplina sa mag-aaral dahil sa maling pag-uugali na lumalabag sa mga panuntunan ng Distrito na nakatalaga sa Pamamaraan 3300P at nakasaad sa “Pahayag ng Mga Responsibilidad at Karapatan ng Mga Mag-aaral” na taunang ibinibigay sa mga mag-aaral o magulang; at (b) magpataw ng pagbubukod sa silid-aralan ayon sa inilalarawan sa pamamaraang ito.
2. Iniatas ng Lupon sa tagapamahala at/o kanyang (mga) itinalaga ang awtoridad na magpataw sa mga mag-aaral ng mga pagsuspinde at expulsion dahil sa mga maling pag-uugali na lumalabag sa mga panuntunan ng Distrito. May awtoridad ang bawat sertipikadong guro at tagapangasiwa na magrekomenda ng mga pagsuspinde at expulsion dahil sa nasabing maling pag-uugali.
3. Maaaring ibukod ng bawat guro sa silid-aralan ang sinumang mag-aaral na nakakaabala sa proseso ng pag-aaral at lumalabag sa mga pamantayan ng disiplina ng gusali habang nasa ilalim ng pangangasiwa ng guro mula sa kanyang indibidwal na silid-aralan o lugar ng pagtuturo o aktibidad para sa lahat o alinmang bahagi ng balanse ng araw ng paaralan o hanggang sa magkasundo ang punong-guro o itinalaga at guro, alinman ang mauna, alinsunod sa RCW 28A.600.020. Maliban sa mga sitwasyong may emergency, gaya ng nakasaad sa seksyon tungkol sa “Pagbubukod sa Silid-aralan” sa ibaba, kailangang gumawa muna ang guro ng isa o higit pang alternatibong paraan ng pagwawasto ng pag-uugali. Bukod pa rito, hindi kailanman papabalikin ang mag-aaral sa balanse ng partikular na

klase o aktibidad, kung saan una nang napalabas ang mag-aaral, nang walang pahintulot ng guro. Kung ibubukod ang isang mag-aaral sa silid-aralan o lugar ng pagtuturo o aktibidad sa loob ng mahigit sa balanse ng araw ng paaralan, susundin ng Distrito ang mga pamamaraan sa pagsuspinde, expulsion, o emergency na expulsion gaya ng inilalarawan sa ibaba.

4. Hindi magpapataw ng pisikal na parusa ang Distrito, kabilang ang anumang pagkilos na sadyang pisikal na nakakapanakit o sadyang nagdudulot ng pisikal na pananakit sa mag-aaral. May mga tinutukoy na pagbubukod sa Kabanata 392-400 ng WAC.

5. Ang lahat ng mag-aaral ay hindi makakaranas ng hindi makatuwirang pisikal na pagpigil, kagamitan sa pagpigil, paglalayo sa iba, at iba pang paggamit ng pisikal na puwersa, gaya ng nakasaad sa Patakaran 3317 at Pamamaraan 3317P.

6. Bukod pa sa nabanggit na, ang lahat ng sertipikadong miyembro ng kawani ay may awtoridad na:

a. Asahang susunod ang mga mag-aaral sa mga panuntunan sa pag-uugali ng mag-aaral.

b. Magpataw ng iba pang uri ng pagdidisiplina para sa mga paglabag sa mga panuntunan ng paaralan alinsunod sa anumang itinakdang pamamaraan ng gusali na naaayon sa patakaran/pamamaraan ng Distrito.

c. Mapanatili ang antas ng kaayusang kinakailangan para sa isang epektibong kapaligiran sa pag-aaral.

d. Mag-detain ng mag-aaral pagkatapos ng klase alinsunod sa mga kundisyong inilalarawan sa Seksyon IX, sa ibaba.

e. Gamitin ang nasabing makatuwirang pagkilos kapag kinakailangan upang protektahan ang sarili, ang isang mag-aaral, o ang iba mula sa pisikal na pang-aabuso o pinsala, alinsunod sa Patakaran 3317 at Pamamaraan 3317P ng Distrito, na nangangasiwa sa pisikal na pagpigil, paglalayo sa iba, at iba pang paggamit ng makatuwirang puwersa.

7. Responsibilidad ng lahat ng sertipikadong miyembro ng kawani ang:

a. Pagpapatupad ng mga karapatan ng mga mag-aaral.

b. Pagpapatupad ng mga panuntunan sa pag-uugali ng mag-aaral sa patas, hindi pabago-bago, at hindi nandidiskriminang paraan.

c. Pagsasadokumento ng mahalaga o madalas na pagsuway at/o magkakasunod na interbensyon kapag hiningi ng punong-guro o iba pang tagapangasiwa.

d. Pagpapanatili ng kaayusan sa silid-aralan, pasilyo, at palaruan, o iba pang panlahatang lugar ng paaralan, o habang nakasakay sa mga school bus o iba pang uri ng transportasyon (kabilang ang mga field trip).

e. Pagpapanatili ng mga tumpak na talaan sa pagpasok at pag-uulat ng lahat ng kaso ng pagliban.

f. Pagtatakda ng naaangkop na halimbawa ng personal na pag-uugali at pag-iwas sa mga pahayag na maaaring nakakapanliit o personal na nakakasakit sa sinumang mag-aaral o anumang pangkat ng mga mag-aaral.

B. Mga Probisyong Naaangkop sa Iba Pang Uri ng Disiplina

Maaaring magpataw ng iba pang uri ng pagdidisiplina, gaya ng tinutukoy sa itaas, para sa mga labag na pag-uugali (ibig sabihin, hindi pagsunod sa mga panuntunan

sa pag-uugali sa Pamamaraan 3300P). Walang uri ng pagdidisiplina ang ipapataw sa paraang makakapigil sa isang mag-aaral na makumpleto ang mga kinakailangan sa asignatura, antas ng baitang, o pagtatapos. Hindi ihihinto ng Distrito ang pagbibigay ng mga serbisyong pang-edukasyon sa isang mag-aaral bilang isang uri ng iba pang pagkilos sa pagdidisiplina.

C. Mga Pagbubukod sa Silid-aralan

1. Awtoridad na Magpataw: Maaaring ibukod ng guro ang isang mag-aaral mula sa kanyang silid-aralan o lugar para sa pagtuturo o aktibidad dahil sa mga labag na pag-uugaling nakakaabala sa proseso ng pag-aaral habang direktang pinapangasiwaan ng guro ang mag-aaral, alinsunod sa mga kinakailangan ng pamamaraang ito. Maaari ding pahintulutan ng Distrito ang iba pang tauhan ng paaralan na magbukod ng mag-aaral mula sa silid-aralan o lugar para sa pagtuturo o aktibidad dahil sa pag-uugaling labag sa mga panuntunan ng Distrito para sa pag-uugali ng mag-aaral na nakasaad sa Pamamaraan 3300P, alinsunod sa mga kinakailangan ng pamamaraang ito.

2. Iba Pang Uri ng Pagdidisiplina: Bago magpataw ng pagbubukod sa silid-aralan, susubukan muna ng guro o iba pang kawani ng paaralan ang iba pang uri ng pagdidisiplina upang suportahan ang mag-aaral sa pagkamit ng mga inaasahang pag-uugali, maliban na lang kung magdudulot ng agaran at patuloy na panganib ang pananatili ng mag-aaral na iyon para sa ibang mag-aaral o kawani ng paaralan, o ng agaran at patuloy na banta ng matinding pagkaabala ng proseso ng pag-aaral.

3. Mga Limitasyon ng Pagbubukod sa Silid-aralan:

a. Tagal ng panahon: Maaaring magpataw ng pagbubukod sa silid-aralan para sa buong balanse ng araw ng paaralan o anumang bahagi nito kung saan ibinukod ang mag-aaral sa silid-aralan o lugar ng pagtuturo o aktibidad ng mag-aaral. Kapag ibinukod ang isang mag-aaral sa silid-aralan o lugar ng pagtuturo o aktibidad ng mag-aaral sa loob ng mahigit sa balanse ng araw ng paaralan, magbibigay ng paunawa at karampatang proseso ang Distrito para sa pagsuspinde, expulsion, o emergency na expulsion.

b. Pagpapaalis sa Paaralan: Hindi maaaring paalisin sa paaralan ang isang mag-aaral habang nakabukod siya sa silid-aralan, maliban na lang kung magbigay ng paunawa ang Distrito at magsagawa ito ng naaangkop na proseso para sa pagsuspinde, expulsion, o emergency na expulsion.

c. Mga Takdang-aralin at Pagsusulit: Bibigyan ng Distrito ang mag-aaral ng pagkakataong makabawi sa anumang takdang-aralin at pagsusulit na hindi niya magagawa dahil sa pagkakabukod sa silid-aralan.

4. Paunawa: Pagkatapos ng pagbubukod sa silid-aralan, ibibigay ng Distrito ang mga sumusunod na paunawa:

a. Sa Punong-guro: Iuulat ng guro o iba pang kawani ng paaralan sa punong-guro o itinalaga ang pagbubukod sa silid-aralan, pati na rin ang labag na pag-uugaling nagdulot ng pagbubukod sa silid-aralan, sa lalong madaling panahon.

b. Sa Mga Magulang: Aabisuhan ng guro, punong-guro, o itinalaga ang mga magulang ng mag-aaral tungkol sa pagbubukod sa silid-aralan sa lalong madaling panahon. Titiyakin ng Distrito na nakasaad sa wikang naiintindihan ng mga

magulang ang paunawang ito.
5. Mga Sitwasyong May Emergency: Kapag nagpataw ng pagbubukod sa silid-aralan ang isang guro dahil malamang na magdulot ng agaran at patuloy na panganib ang pananatili ng mag-aaral sa ibang mag-aaral o tauhan ng paaralan, o ng agaran at patuloy na banta ng matinding pagkaabala ng proseso ng pag-aaral: (a) aabisuhan kaagad ng guro o iba pang tauhan ng paaralan ang punong-guro o itinalaga; at (b) kakausapin ng punong-guro o itinalaga ang mag-aaral sa lalong madaling panahon, at dapat siyang magpataw ng naaangkop na pagdidisiplina.

D. Mga Probisyong Naaangkop sa Lahat ng Pagsuspinde at Expulsion
1. Mga Pangkalahatang Kinakailangan
a. Maaaring masuspinde o mapatalsik ang mga mag-aaral dahil sa mga labag na pag-uugali, na napapailalim sa mga sumusunod na kinakailangan.
b. Pagsali ng Magulang: Magbibigay-daan ang Distrito sa maagang pagsali ng mga magulang sa mga pagsusumikap na suportahan ang mga mag-aaral sa pagtugon sa mga inaasahan sa pag-uugali. Gagawin ng Distrito ang bawat makatuwirang pagsubok na isali ang mga mag-aaral at magulang sa paglutas sa mga labag na pag-uugali.
c. Mga Pagsasaalang-alang: Bago magpataw ng anumang pagsuspinde o expulsion, isasaalang-alang ng Distrito ang mga indibidwal na sitwasyon ng mag-aaral at ang uri at mga sitwasyon ng labag na pag-uugali upang matukoy kung makatuwiran ang pagsuspinde o expulsion, at ang tagal ng pagbubukod.
d. Access sa Ari-arian ng Distrito: Maaaring kabilang sa mga pagsuspinde at expulsion ang pagtanggi sa pagpasok o pagpunta sa totoo at personal na pag-aari ng Distrito na pinapahintulutang pagmay-arian, paupahan, parentahan, o pangasiwaan nito. Maaari ding ibukod ang isang mag-aaral sa isang partikular ng lugar ng silid-aralan o pagtuturo o aktibidad sa loob ng pahanon ng pagsuspinde o expulsion.
e. Mga Serbisyong Pang-edukasyon: Hindi sususpindihin ng Distrito ang probisyon ng mga serbisyong pang-edukasyon sa isang mag-aaral bilang tugon sa mga labag na pag-uugali o hindi ito magpapataw ng pagdidisiplina sa paraang makakapigil sa isang mag-aaral na makumpleto ang mga kinakailangan sa asignatura, antas ng baitang, o pagtatapos. Mabibigyan ang mga mag-aaral ng oportunidad na tumanggap ng mga edukasyonal na serbisyo sa panahon ng pagsuspinde o expulsion.
f. Pag-uulat: Iuulat ng punong-guro o itinalaga ang lahat ng pagsuspinde at expulsion, at ang labag na pag-uugali na humantong sa bawat pagsuspinde o expulsion, sa tagapamahala o itinalaga ng Distrito sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras pagkatapos ng pagpapataw ng pagsuspinde o expulsion.
g. Muling pagpasok: Pagkatapos suspindihin o patalsikin ang isang mag-aaral, gagawa ng mga makatuwirang pagsusumikap ang Distrito upang ibalik ang mag-aaral sa regular na pang-edukasyong setting ng mag-aaral sa lalong madaling panahon. Papayagan din ng Distrito ang mag-aaral na magpetisyon para sa muling pagpasok anumang oras, gaya ng inilalarawan sa Seksyon IV, sa ibaba.
h. Pang-edukasyong Setting: Kung itatala ng Distrito ang isang mag-aaral sa

ibang programa o kurso sa pag-aaral sa panahon ng pagsuspinde o expulsion, hindi haharangin ng Distrito ang mag-aaral na bumalik sa kanyang regular na pang-edukasyong setting kasunod ng petsa ng pagtatapos ng pagsuspinde o expulsion maliban na lang kung: (i) pagbigyan ng tagapamahala o itinalaga ang petisyong i-extend ang expulsion ng mag-aaral, gaya ng inilalarawan sa ibaba; (ii) ibinukod ang mag-aaral sa kanyang regular na pang-edukasyong setting sa ilalim ng Seksyon X, sa ibaba; o (iii) pinagbabawalan ng batas ng estado ang mag-aaral na bumalik sa kanyang regular na pang-edukasyong setting.

2. Inisyal na Pagdinig kasama ng Mag-aaral

a. Bago magpataw ng anumang pagsuspinde o expulsion, magsasagawa ang punong-guro o itinalaga ng hindi pormal na inisyal na pagdinig kasama ng mag-aaral upang marinig ang panig ng mag-aaral.

b. Saklaw ng Inisyal na Pagdinig: Sa inisyal na pagdinig, bibigyan ng punong-guro o itinalaga ang mag-aaral ng: (i) paunawa sa paglabag ng mag-aaral sa mga panuntunan sa pag-uugali ng mag-aaral sa Pamamaraan 3300P; (ii) pagpapaliwanag ng ebidensya kaugnay ng labag na pag-uugali; (iii) pagpapaliwanag ng pagdidisiplina na maaaring ipataw; at (iv) pagkakataon para sa mag-aaral na ibahagi ang kanyang panig at magbigay ng pagpapaliwanag kaugnay ng labag na pag-uugali.

c. Pakikilahok ng Magulang:

i. Kapag isinasaalang-alang ng punong-guro o itinalaga na magpataw ng panandalian o in-school na pagsuspinde, magkakaroon ng pagkakataon ang mag-aaral na makipag-ugnayan sa kanyang mga magulang sa inisyal na pagdinig.

ii. Kapag isinasaalang-alang ng punong-guro o itinalaga na magpataw ng pangmatagalang pagsuspinde o expulsion, gagawa ng makatuwirang pagsubok ang punong-guro o itinalaga na makipag-ugnayan sa mga magulang ng mag-aaral upang magbigay ng pagkakataon para sa mga magulang na makilahok sa inisyal na pagdinig nang personal o sa pamamagitan ng telepono.

d. Pasya: Kasunod ng inisyal na pagdinig, ipapaalam ng punong-guro o itinalaga sa mag-aaral ang pasya kaugnay ng ipapataw na pagdidisiplina para sa labag na pag-uugali, kung mayroon man, kabilang ang petsa kung kailan magsisimula at magtatapos ang anumang pagsuspinde o expulsion.

e. Tulong sa Wika: Titiyakin ng Distrito na idaraos ang inisyal na pagdinig sa wikang nauunawaan ng mag-aaral at ng mga magulang, na maaaring mangailangan ng tulong sa wika para sa mga mag-aaral at mga magulang na may limitadong kaalaman sa Ingles.

3. Paunawa sa Mag-aaral at Mga Magulang

a. Paunawa Bago ang Pagdidisiplina: Bago magpataw ng anumang pagsuspinde o expulsion, susubukan ng Distrito na abisuhan ang mga magulang ng mag-aaral sa lalong madaling panahong makatuwiran kaugnay ng labag na pag-uugali.

b. Paunawa Pagkatapos ng Pagdidisiplina: Hindi lalampas sa isang (1) araw ng negosyo ng paaralan kasunod ng inisyal na pagdinig kasama ng mag-aaral, magbibigay ang Distrito ng nakasulat na paunawa tungkol sa pagsuspinde o expulsion sa mag-aaral at mga magulang nang personal, sa pamamagitan ng

koreo, o sa pamamagitan ng email. Kabilang sa nakasulat na paunawa ang:
i. Paglalarawan sa pag-uugali ng mag-aaral at kung paano ito lumabag sa mga panuntunan sa pag-uugali ng mag-aaral sa Pamamaraan 3300P.
ii. Ang tagal ng panahon at mga kundisyon ng pagsuspinde o expulsion, kabilang ang mga petsa kung kailan magsisimula at magtatapos ang pagsuspinde o expulsion;
iii. Ang iba pang uri ng pagdidisiplina na isinaalang-alang o sinubukan ng Distrito, at pagpapaliwanag ng pasya sa pagpataw ng pagsuspinde o expulsion;
iv. Ang pagkakataong tumanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon sa panahon ng pagsuspinde o expulsion;
v. Ang karapatan ng mag-aaral at ng mga magulang sa isang hindi pormal na kumperensiya kasama ng punong-guro o itinalaga;
vi. Ang karapatan ng mag-aaral at ng mga magulang na iapela ang pagsuspinde o expulsion, kabilang ang kung saan at kanino dapat hilingin ang apela; at
vii. Para lang sa pangmatagalang pagsuspinde o expulsion, ang pagkakataon para sa mag-aaral at mga magulang na makilahok sa isang pulong sa muling pakikipag-ugnayan.
c. Tulong sa Wika: Titiyakin ng Distrito na ang inisyal at mga nakasulat na paunawang kinakailangan sa ilalim ng seksyong ito ay ibibigay sa wikang nauunawaan ng mag-aaral at ng mga magulang, na maaaring mangailangan ng tulong sa wika para sa mga mag-aaral at mga magulang na may limitadong kaalaman sa Ingles.

4. Opsyonal na Kumperensiya kasama ng Punong-guro

a. Paghiling ng Kumperensiya: Kung hindi sumasang-ayon ang mag-aaral o ang mga magulang sa pasya ng Distrito na suspindihin o patalsikin ang mag-aaral, maaaring humiling ang mag-aaral o ang mga magulang ng hindi pormal na kumperensiya kasama ng punong-guro o itinalaga upang lutasin ang hindi pagkakasundo. Maaaring humiling para sa isang hindi pormal na kumperensiya nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat.
b. Limitasyon sa Oras: Idaraos ng punong-guro o ng itinalaga ang kumperensiya sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos matanggap ang kahilingan, maliban na lang kung iba ang mapagkasunduan ng mag-aaral at mga magulang.
c. Kumperensiya: Sa panahon ng hindi pormal na kumperensiya, bibigyan ng punong-guro o ng itinalaga ang mag-aaral at ang mga magulang ng pagkakataong: (i) ibahagi ang panig ng mag-aaral at ang pagpapaliwanag kaugnay ng labag na pag-uugali; (ii) makipag-usap sa punong-guro o itinalaga at sa kawani ng paaralan na nauugnay sa insidenteng humantong sa pagsuspinde o expulsion; at (iii) talakayin ang iba pang uri ng pagdidisiplinang maaaring ipataw.
d. Tulong sa Wika: Titiyakin ng Distrito na idaraos ang kumperensiya sa wikang nauunawaan ng mag-aaral at ng mga magulang, na maaaring mangailangan ng tulong sa wika para sa mga mag-aaral at mga magulang na may limitadong kaalaman sa Ingles.
e. Karapatang Mag-apela: Hindi malilimitahan ng hindi pormal na kumperensiya ang karapatan ng isang mag-aaral o ng mga magulang na iapela ang pagsuspinde

o expulsion, makilahok sa isang pulong sa muling pakikipag-ugnayan, o magpetisyon para sa muling pagpasok.

E. Mga Probisyong Naaangkop Lang sa Mga Panandaliang Pagsuspinde (Kabilang ang In-School na Pagsuspinde)

1. Iba Pang uri ng Pagdidisiplina: Bago magpataw ng panandalian o in-school na pagsuspinde, susubukan muna ng Distrito ang isa o higit pang uri ng pagdidisiplina upang suportahan ang mag-aaral sa pagtugon sa mga inaasahan sa pag-uugali.

2. Tagal ng Pagbubukod: Ang panandalian o in-school na pagsuspinde ay hindi hihigit sa sampung (10) magkakasunod na araw ng paaralan. Hindi magpapataw ang Distrito ng panandalian o in-school na pagsuspinde nang lagpas sa taong pampaaralan kung kailan nangyari ang labag na pag-uugali.

3. Mga Limitasyon sa Antas ng Baitang: Hindi magpapataw ang Distrito ng panandalian o in-school na pagsuspinde na lalampas sa mga sumusunod na limitasyon:

a. Para sa mga mag-aaral sa kindergarten hanggang ikaapat na baitang, sampung (10) pinagsama-samang araw ng paaralan sa anumang pang-akademikong termino.

b. Para sa mga mag-aaral na nasa ikalima hanggang ikalabindalawang baitang, labinlimang (15) pinagsama-samang araw ng paaralan sa anumang iisang semestre o sampung (10) pinagsama-samang araw ng paaralan sa anumang iisang trimestre.

4. In-School na Pagsuspinde: Kung pipiliin ng paaralan na mag-alok ng pagsuspinde habang nasa paaralan, magtatalaga ang punong-guro ng mga alituntunin para sa pagpapatakbo ng programa sa pagsuspinde habang nasa paaralan, na naaayon sa iba pang patakaran at pamamaraan ng distrito. Bukod pa rito, kapag nagpapataw ng in-school na pagsuspinde, titiyakin ng Distrito na ang mga kawani ng paaralan ay:

a. Aktwal na nasa lokasyong pareho sa mag-aaral upang magbigay ng direktang patnubay sa panahon ng in-school na pagsuspinde; at

b. Malalapitan upang makakapagbigay ng suporta upang makasunod ang mag-aaral sa mga kasalukuyang takdang-aralin at gawain sa kurso mula sa lahat ng karaniwang asignatura o klase ng mag-aaral.

F. Mga Probisyong Naaangkop Lang sa Mga Pangmatagalang Pagsuspinde

1. Iba Pang uri ng Pagdidisiplina: Bago magpataw ng pangmatagalang pagsuspinde, isasaalang-alang muna ng Distrito ang iba pang uri ng pagdidisiplina upang suportahan ang mag-aaral sa pagtugon sa mga inaasahan sa pag-uugali.

2. Pag-uugaling Nangangailangan ng Pangmatagalang Pagsuspinde: Magpapataw lang ang Distrito ng pangmatagalang pagsuspinde kapag natugunan ang mga sumusunod na pamantayan:

a. Ang pangmatagalang pagsuspinde ay “pagdidisiplinang hindi pinagpapasyahan,” na nangangahulugang ito ay bilang tugon sa mga labag na

pag-uugali na nakakatugon sa isa o higit pa sa mga paglalarawan sa RCW 28A.600.015(6)(a)-(d), na nakabuod sa ibaba:
i. Ang mag-aaral ay nagdala ng armas, nagmamay-ari ng armas, at/o kumilos nang may malisya at nagpakita ng instrumento na mukhang armas sa mga lugar na nasasakupan ng pampublikong paaralan, transportasyong ibinibigay ng pampublikong paaralan, o mga lugar ng pasilidad habang eksklusibong ginagamit ng mga pampublikong paaralan, gaya ng ipinagbabawal ng RCW 28A.600.420.
ii. Ang pag-uugali ng mag-aaral ay binubuo ng marahas na paglabag, sekswal na paglabag, paglanghap ng mga nakakalasong usok, paglabag ukol sa mga kontroladong substance, paglabag ukol sa alak, o ilang partikular na krimeng nakalista sa RCW 13.04.155.
iii. Sa loob ng tatlong taon, nagkaroon ang mag-aaral ng dalawa o higit pang paglabag sa RCW 9A.46.120 (kriminal na pananakot ng gang), RCW 9.41.280 (pagdadala ng mga mapanganib na sandata sa mga pasilidad ng paaralan), RCW 28A.600.455 (aktibidad ng gang), RCW 28A.635.020 (sadyang pagsuway sa pang-administratibong tauhan ng paaralan o pagtangging umalis sa pampublikong pag-aari), o RCW 28A.635.060 (pagwasak o pagsira ng pag-aari ng paaralan).
iv. Ang pag-uugali ng mag-aaral ay matinding nakakaapekto sa kalusugan o kaligtasan ng ibang mag-aaral o kawani sa pagtuturo.
b. Pinagpasyahan ng Distrito na, kung babalik ang mag-aaral sa paaralan bago makumpleto ang pangmatagalang pagsuspinde, ang mag-aaral ay magdudulot ng nakaambang panganib sa mga mag-aaral o kawani ng paaralan o ng nakaambang banta ng matinding pagkaabala sa proseso ng pagtuturo.
3. Tagal ng Pagbubukod: Ang pangmatagalang pagsuspinde ay hindi maaaring lumampas sa isang (1) pang-akademikong termino. Hindi magpapataw ang Distrito ng pangmatagalang pagsuspinde nang lagpas sa taong pampaaralan kung kailan nangyari ang labag na pag-uugali.
4. Mga Limitasyon sa Antas ng Baitang: Hindi magpapataw ng pangmatagalang pagsuspinde ang Distrito para sa sinumang mag-aaral na nasa kindergarten hanggang ikaapat na baitang, maliban na lang kung ang mag-aaral ay nagkaroon ng Paglabag ukol sa Armas, na tinalakay sa Seksyon VIII, sa ibaba.
5. Muling Pakikipag-ugnayan: Kapag pangmatagalang sinuspinde ang isang mag-aaral, napapanahong magdaraos ang Distrito ng pulong sa muling pakikipag-ugnayan at gagawa ito ng plano sa muling pakikipag-ugnayan, gaya ng inilalarawan sa Seksyon VII, sa ibaba.

G. Mga Probisyong Naaangkop Lang sa Mga Expulsion
1. Iba pang uri ng Pagdidisiplina: Bago magpataw ng expulsion, isasaalang-alang ng Distrito ang iba pang uri ng pagdidisiplina upang suportahan ang mag-aaral sa pagtugon sa mga inaasahan sa pag-uugali.
2. Pag-uugaling Nangangailangan ng Expulsion: Magpapataw lang ang Distrito ng expulsion kapag natugunan ang mga sumusunod na pamantayan:

a. Ang expulsion ay “pagdidisiplinang hindi pinagpapasyahan,” na nangangahulugang ito ay bilang tugon sa mga labag na pag-uugali na nakakatugon sa isa o higit pa sa mga paglalarawan sa RCW 28A.600.015(6)(a)-(d), na nakabuod sa ibaba:
i. Ang mag-aaral ay nagdala ng armas, nagmamay-ari ng armas, at/o kumilos nang may malisya at nagpakita ng instrumento na mukhang armas sa mga lugar na nasasakupan ng pampublikong paaralan, transportasyong ibinibigay ng pampublikong paaralan, o mga lugar ng pasilidad habang eksklusibong ginagamit ng mga pampublikong paaralan, gaya ng ipinagbabawal ng RCW 28A.600.420.
ii. Ang pag-uugali ng mag-aaral ay binubuo ng marahas na paglabag, sekswal na paglabag, paglanghap ng mga nakakalasong usok, paglabag ukol sa mga kontroladong substance, paglabag ukol sa alak, o ilang partikular na krimeng nakalista sa RCW 13.04.155.
iii. Sa loob ng tatlong taon, nagkaroon ang mag-aaral ng dalawa o higit pang paglabag sa RCW 9A.46.120 (kriminal na pananakot ng gang), RCW 9.41.280 (pagdadala ng mga mapanganib na sandata sa mga pasilidad ng paaralan), RCW 28A.600.455 (aktibidad ng gang), RCW 28A.635.020 (sadyang pagsuway sa pang-administratibong tauhan ng paaralan o pagtangging umalis sa pampublikong pag-aari), o RCW 28A.635.060 (pagwasak o pagsira ng pag-aari ng paaralan).
iv. Ang pag-uugali ng mag-aaral ay matinding nakakaapekto sa kalusugan o kaligtasan ng ibang mag-aaral o kawani sa pagtuturo.
b. Pinagpasyahan ng Distrito na, kung babalik ang mag-aaral sa paaralan bago makumpleto ang expulsion, ang mag-aaral ay magdudulot ng nakaambang panganib sa mga mag-aaral o kawani ng paaralan.
3. Tagal ng Pagbubukod: Ang expulsion ay hindi maaaring lumampas sa isang (1) pang-akademikong termino, maliban na lang kung ipepetisyon ng punong-guro o itinalaga sa tagapamahala ng Distrito na i-extend ang expulsion, at pinagbigyan ang petisyon.
4. Mga Limitasyon sa Antas ng Baitang: Hindi magpapataw ng expulsion ang Distrito para sa sinumang mag-aaral na nasa kindergarten hanggang ikaapat na baitang, maliban na lang kung ang mag-aaral ay nagkaroon ng Paglabag ukol sa Armas, na tinalakay sa Seksyon VIII, sa ibaba.
5. Muling Pakikipag-ugnayan: Kapag pinatalsik ang isang mag-aaral, napapanahong magdaraos ang Distrito ng pulong sa muling pakikipag-ugnayan at gagawa ito ng plano sa muling pakikipag-ugnayan, gaya ng inilalarawan sa Seksyon VII, sa ibaba.
6. Petisyong I-extend: Ang punong-guro o itinalaga ay maaaring magpetisyon sa tagapamahala na palawigin ang isang expulsion na lampas sa tagal ng isang (1) pang-akademikong termino, kung sakaling kinakailangan ang isang pagpapalawig dahil sa panganib sa kalusugan o kaligtasan ng publiko.
a. Limitasyon sa Oras: Maaari lang isumite ang petisyon pagkatapos bumuo ng plano sa muling pakikipag-ugnayan sa ilalim ng Seksyon VII, sa ibaba, at bago ang pagtatapos ng expulsion, maliban na lang kung ipetisyon ng punong-guro o itinalaga na i-extend ang expulsion anumang oras kapag nagkaroon ang mag-aaral ng Paglabag ukol sa Armas, gaya ng inilalarawan sa Seksyon VIII, sa ibaba.

b. Mga Content: Kasama sa petisyon ang mga elementong iyon na nakalista sa WAC 392-400-480.
c. Paunawa: Magbibigay ng nakasulat na paunawa ang Distrito tungkol sa petisyon sa mag-aaral at mga magulang nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng email sa loob ng isang (1) araw ng negosyo ng paaralan mula sa petsa kung kailan natanggap ng tagapamahala o itinalaga ang petisyon. Kabilang sa paunawa ang isang kopya ng petisyon; ang karapatan ng mag-aaral at mga magulang sa isang hindi pormal na kumperensiya kasama ng tagapamahala o itinalaga na idaraos sa loob ng limang (5) araw ng negosyo ng paaralan mula sa petsa kung kailan ibinigay ng Distrito ang nakasulat na paunawa sa mag-aaral at mga magulang; at ang karapatan ng mag-aaral at mga magulang na tumugon sa petisyon nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat sa tagapamahala o itinalaga sa loob ng limang (5) araw ng negosyo ng paaralan mula sa petsa kung kailan ibinigay ng Distrito ang nakasulat na paunawa.
d. Batayan sa Pagbibigay ng Extension: Maaari lang pagbigyan ng tagapamahala o itinalaga ang petisyon kung may matinding ebidensya na, kung babalik ang mag-aaral sa kanyang dating placement sa paaralan pagkatapos ng tagal ng pang-akademikong termino, magdudulot ang mag-aaral ng panganib sa kalusugan o kaligtasan ng publiko.
e. Tagal ng Extension: Ang extension ng isang expulsion ay hindi maaaring lumampas sa tagal ng isang pang-akademikong termino.
f. Nakasulat na Pasya: Maghahatid ang tagapamahala o itinalaga ng nakasulat na pasya sa punong-guro, sa mag-aaral, at sa mga magulang ng mag-aaral nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng email sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos matanggap ang petisyon. Kung pagbigyan ang petisyon, kabilang sa nakasulat na pasya ang: (i) petsa kung kailan magtatapos ang na-extend na expulsion; (ii) ang dahilan na, kung babalik ang mag-aaral bago ang petsa ng pagtatapos ng inisyal na expulsion, magdudulot ang mag-aaral ng banta sa kalusugan o kaligtasan ng publiko; at (iii) paunawa sa karapatan ng mag-aaral o mga magulang na humiling ng pagsusuri at muling pagsasaalang-alang sa pasya ukol sa extension na inilalarawan sa ibaba, kabilang ang kung saan at kanino ito hihilingin. Kung hindi pagbigyan ang petisyon, tutukuyin sa nakasulat na pasya ang petsa kung kailan magtatapos ang expulsion.
g. Pagsusuri at Muling Pagsasaalang-alang:
i. Paghiling ng Pagsusuri: Maaaring hilingin ng mag-aaral o mga magulang na suriin at muling isaalang-alang ng Lupon ng Mga Direktor ang pasya na i-extend ang expulsion ng mag-aaral. Maaaring humiling nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat.
ii. Limitasyon sa Oras: Dapat humiling ng pagsusuri ang mag-aaral o mga magulang sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo ng paaralan mula sa petsa kung kailan ibibigay ng tagapamahala o itinalaga sa mag-aaral at mga magulang ang nakasulat na pasya.
iii. Pamamaraan ng Pagsusuri: Maaaring hilingin ng Lupon ng Mga Direktor na makipagkita sa mag-aaral o mga magulang o sa punong-guro upang makarinig

ng higit pang argumento at mangalap ng karagdagang impormasyon. Ang pasya ng Lupon ay maaari lang gawin ng mga miyembrong hindi nauugnay sa labag na pag-uugali, sa pasya na patalsikin ang mag-aaral, o anumang pasya ukol sa apela tungkol sa expulsion ng mag-aaral sa pamamagitan ng opisyal ng pagdinig sa ngalan ng Distrito.
iv. Pasya: Magbibigay ng nakasulat na pasya sa mag-aaral at mga magulang ang Lupon ng Mga Direktor nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng email sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa pagsusuri at muling pagsasaalang-alang. Tutukuyin sa nakasulat na pasya: kung pinagtitibay, ipinapawalang-bisa, o binabago ng Lupon ang pasya na i-extend ang expulsion ng mag-aaral; at ang petsa kung kailan magtatapos ang na-extend na expulsion.
h. Tulong sa Wika: Titiyakin ng Distrito na ang anumang pagdinig, paunawa, at pasya ukol sa petisyon ay ibibigay sa wikang nauunawaan ng mag-aaral at ng mga magulang, na maaaring mangailangan ng tulong sa wika para sa mga mag-aaral at mga magulang na may limitadong kaalaman sa Ingles.
i. Taunang Pag-uulat: Taunang iuulat ng Distrito ang bilang ng mga petisyong inaprubahan at tinanggihan sa Tanggapan ng Tagapamahala ng Pampublikong Pagtuturo.

H. Mga Probisyong Naaangkop Lang sa Emergency na Expulsion
1. Sapat na Dahilan: Ang isang mag-aaral ay maaaring agarang paalisin sa mga sitwasyon ng emergency sa isang klase, asignatura, o aktibidad ng tagapamahala o itinalaga kung mayroong sapat na dahilan upang paniwalaang ang presensya ng mag-aaral ay maaaring pagmulan ng agaran at patuloy na panganib sa ibang mag-aaral, o kawani ng paaralan o agaran at patuloy na banta ng matinding pagkaabala sa proseso ng pagtuturo. Ang ibig sabihin ng agaran at patuloy na banta ng matinding pagkaabala sa proseso ng pagtuturo:
a. Ang pag-uugali ng mag-aaral ay nagreresulta sa matinding pagkaabala sa proseso ng pagtuturo na nakakalikha ng malaking hadlang sa pagkatuto ng iba pang mag-aaral sa buong araw ng paaralan; at
b. Nagawa na ng kawani ng paaralan ang mga makatuwirang pagsubok sa pagpapataw ng iba pang uri ng pagdidisiplina upang masuportahan ang mag-aaral sa pagtugon sa mga inaasahan sa pag-uugali.
2. Limitasyon sa Oras: Ang emergency na expulsion ay magtatapos o mako-convert sa ibang uri ng pagdidisiplina sa loob ng sampung (10) araw ng paaralan.
3. Pag-convert: Kung i-convert ng Distrito ang emergency na expulsion sa isang pagsuspinde o expulsion, gagawin ng Distrito ang mga sumusunod: (a) ilapat sa kabuuang tagal ng pagsuspinde o expulsion ang anumang araw na napatawan ng emergency na expulsion ang mag-aaral bago ang pag-convert; at (b) magbigay sa mag-aaral at mga magulang ng paunawa at karampatang proseso na kinakailangan sa pamamaraang ito para sa uri ng pagsuspinde o expulsion na ipinataw.
4. Pag-uulat: Ang lahat ng emergency na expulsion, kabilang ang dahilan ng pagdudulot ng agaran at patuloy na panganib ng presensya ng mag-aaral sa iba pang mag-aaral o kawani ng paaralan, ay iuulat sa tagapamahala o itinalaga ng

Distrito sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras pagkatapos magsimula ang emergency na expulsion.

5. Inisyal na Paunawa: Pagkatapos ng emergency na expulsion, susubukan ng Distrito na abisuhan ang mga magulang ng mag-aaral sa lalong madaling panahong makatuwiran kaugnay ng dahilan kung bakit naniniwala ang Distrito na nagdudulot ng agaran at patuloy na panganib ang presensya ng mag-aaral sa iba pang mag-aaral o kawani ng paaralan, o agaran at patuloy na banta ng matinding pagkaabala sa proseso ng pagtuturo.

6. Kasunod na Nakasulat na Paunawa: Sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras pagkatapos ng emergency na expulsion, magbibigay ang Distrito ng nakasulat na paunawa tungkol sa emergency na expulsion sa mag-aaral at mga magulang nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng email. Kabilang sa nakasulat na paunawa ang:

a. Ang dahilan kung bakit ang pananatili ng mag-aaral ay malamang na magdulot ng agaran at patuloy na panganib sa iba pang mag-aaral o kawani ng paaralan, o nagdudulot ng agaran at patuloy na banta ng matinding pagkaabala ng proseso ng pag-aaral;

b. Ang tagal ng panahon at mga kundisyon ng emergency na expulsion, kabilang ang mga petsa kung kailan magsisimula at magtatapos ang emergency na expulsion;

c. Ang pagkakataong tumanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon sa panahon ng emergency na expulsion;

d. Ang karapatan ng mag-aaral at ng mga magulang sa isang hindi pormal na kumperensiya kasama ng punong-guro o itinalaga;

e. Ang karapatan ng mag-aaral at ng mga magulang na iapela ang emergency na expulsion, kabilang ang kung saan at kanino dapat hilingin ang apela.

7. Tulong sa Wika: Titiyakin ng Distrito na ang inisyal at mga kasunod na nakasulat na paunawa ay ibibigay sa wikang nauunawaan ng mag-aaral at ng mga magulang, na maaaring mangailangan ng tulong sa wika para sa mga mag-aaral at mga magulang na may limitadong kaalaman sa Ingles.

8. Opsyonal na Kumperensiya kasama ng Punong-guro:

a. Paghiling ng Kumperensiya: Kung hindi sumasang-ayon ang mag-aaral o ang mga magulang sa pasya ng Distrito na patawan ng emergency na expulsion ang mag-aaral, maaaring humiling ang mag-aaral o ang mga magulang ng hindi pormal na kumperensiya kasama ng punong-guro o itinalaga upang lutasin ang hindi pagkakasundo. Maaaring humiling para sa isang hindi pormal na kumperensiya nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat.

b. Limitasyon sa Oras: Idaraos ng punong-guro o ng itinalaga ang kumperensiya sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos matanggap ang kahilingan, maliban na lang kung iba ang mapagkasunduan ng mag-aaral at mga magulang.

c. Kumperensiya: Sa panahon ng hindi pormal na kumperensiya, bibigyan ng punong-guro o itinalaga ang mag-aaral at mga magulang ng pagkakataong ibahagi ang panig ng mag-aaral at pagpapaliwanag kaugnay ng mga kaganapang humantong sa emergency na expulsion.

d. Tulong sa Wika: Titiyakin ng Distrito na idaraos ang kumperensiya sa wikang nauunawaan ng mag-aaral at ng mga magulang, na maaaring mangailangan ng tulong sa wika para sa mga mag-aaral at mga magulang na may limitadong kaalaman sa Ingles.
e. Karapatang Mag-apela: Hindi malilimitahan ng isang hindi pormal na kumperensiya ang karapatan ng isang mag-aaral o mga magulang na iapela ang emergency na expulsion.
I. Mga Probisyong Naaangkop sa Pagdidisiplina para sa Mga Hindi Pinahintulutang Pagliban at Pagkahuli sa Klase, Pagkain sa Paaralan
1. Hindi magsususpinde o mag-e-expel ng mag-aaral ang Distrito dahil sa pagliban o pagkahuli sa klase.
2. Hindi magpapataw ng pagdidisiplina ang Distrito sa paraang magdudulot ng pagtanggi o pagkaantala ng pagbibigay ng pagkaing may sapat na sustansya sa mag-aaral.

III. MGA PAMAMARAAN SA PAGKUWESTIYON NG PAGDIDISIPLINA

A. Pamamaraan sa Karaingan para sa Pagbubukod sa Silid-aralan at Iba Pang Uri ng Pagdidisiplina

Ang isang mag-aaral o magulang na hindi sumasang-ayon sa pagpataw ng pagbubukod sa silid-aralan o iba pang uri ng pagdidisiplina sa ilalim ng pamamaraang ito (kabilang ang pagbubukod sa transportasyon o mga extra-curricular na aktibidad) ay maaaring humiling ng hindi pormal na pulong kasama ng punong-guro o itinalaga upang subukang lutasin ang karaingan. Hindi nalalapat ang pamamaraan sa karaingan na ito sa mga pagsuspinde, expulsion, o emergency na expulsion, na may mga hiwalay na pamamaraan sa pag-apela, na inilalarawan sa ibaba.
Dapat hilingin ng mag-aaral o magulang ang pulong sa loob ng dalawang (2) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos ng pagpataw ng pagbubukod sa silid-aralan o iba pang uri ng pinag-uusapang pagdidisiplina. Dapat humiling nang personal sa tanggapan ng punong-guro o sa pamamagitan ng pag-email sa email address ng punong-guro ng Distrito. Ang empleyadong inirereklamo ang pagkilos ay maaaring abisuhan tungkol sa pagsisimula ng naturang karaingan at bigyan ng pagkakataong lumahok sa pulong. Sa panahon ng pulong, maaaring tanungin ng punong-guro o itinalaga ang mag-aaral at mga magulang at magkakaroon ang mga ito ng pagkakataong ibahagi ang panig ng mag-aaral at pagpapaliwanag kaugnay ng labag na pag-uugali.
Magbibigay ng nakasulat na paunawa ang punong-guro o itinalaga tungkol sa kanyang pasya nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng email nang hindi lalampas sa limang (5) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos ng pulong. Magpapatuloy ang pagbubukod sa silid-aralan o iba pang uri ng pagdidisiplina sa panahon ng pamamaraan sa karaingan, maliban kung pipiliin ng punong guro o ng itinalaga na ipagpaliban ang pagkilos.

B. Pag-apela sa Mga Panandalian at In-School na Pagsuspinde

1. Pagsumite ng Apela: Maaaring iapela ng mag-aaral o mga magulang ang panandaliang pagsuspinde (kabilang ang in-school na pagsuspinde) sa

tagapamahala o itinalaga. Maaaring gawin ang naturang apela nang pasalita (personal o sa pamamagitan ng pagtawag) o sa pamamagitan ng pagsulat (sa pamamagitan ng hand-delivery, koreo, o email) sa tanggapan ng tagapamahala sa loob ng limang (5) araw ng negosyo ng paaralan mula sa petsa kung kailan magbibigay ang Distrito ng nakasulat na paunawa tungkol sa panandaliang pagsuspinde sa mag-aaral at mga magulang. Bibigyan ng tagapamahala o itinalaga ang mag-aaral at mga magulang ng pagkakataong ibahagi ang panig ng mag-aaral at pagpapaliwanag kaugnay ng labag na pag-uugali nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat.

2. Pasya: Maghahatid ang tagapamahala o itinalaga ng nakasulat na pasya ukol sa apela sa mag-aaral at mga magulang nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng email sa loob ng dalawang (2) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos matanggap ang apela. Kabilang sa nakasulat na pasya ang:

a. Ang pasyang pagtibayin, ipawalang-bisa, o baguhin ang pagsuspinde;

b. Ang tagal ng panahon at mga kundisyon ng pagsuspinde, kabilang ang mga petsa kung kailan magsisimula at magtatapos ang pagsuspinde;

c. Ang mga serbisyong pang-edukasyon na iaalok ng Distrito sa mag-aaral sa panahon ng pagsuspinde; at

d. Paunawa sa karapatan ng mag-aaral at mga magulang na humiling ng pagsusuri at muling pagsasaalang-alang sa pasya ukol sa apela, kabilang ang kung saan at kanino hihiling.

C. Pag-apela sa Pangmatagalang Pagsuspinde, Expulsion at Emergency na Expulsion

1. Kahilingan para sa Pag-apela: Maaaring iapela ng isang mag-aaral o mga magulang ang pangmatagalang pagsuspinde, expulsion, o emergency na expulsion sa tagapamahala o itinalaga. Ang naturang kahilingan para sa pag-apela ay maaaring gawin nang pasalita (personal o sa pamamagitan ng pagtawag) o sa pamamagitan ng pagsulat (sa pamamagitan ng hand-delivery, koreo, o email) sa tanggapan ng tagapamahala.

2. Mga Limitasyon sa Oras: Ang kahilingan para sa pag-apela ay dapat matanggap ng Distrito sa loob ng mga sumusunod na panahon:

a. Para sa mga pangmatagalang pagsuspinde at expulsion, sa loob ng limang (5) araw ng negosyo ng paaralan mula sa petsa kung kailan magbigay ang Distrito ng nakasulat na paunawa tungkol sa pangmatagalang pagsuspinde o expulsion sa mag-aaral at mga magulang.

b. Para sa mga emergency na expulsion, sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo ng paaralan mula sa petsa kung kailan magbigay ang Distrito ng nakasulat na paunawa tungkol sa emergency na expulsion sa mag-aaral at mga magulang.

3. Paunawa sa Pagdinig: Sa loob ng isang (1) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa pag-apela, maliban na lang kung iba ang pagkasunduan ng mag-aaral at mga magulang, ibibigay ng tagapamahala o itinalaga sa mag-aaral at mga magulang ang nakasulat na paunawa nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng email tungkol sa sumusunod:

a. Ang oras, petsa, at lokasyon ng pagdinig ukol sa apela;

b. Ang (mga) pangalan ng (mga) opisyal na mangangasiwa sa apela;
c. Ang mga karapatan ng mga mag-aaral at magulang na siyasatin ang mga talaan sa edukasyon ng mag-aaral na inilalarawan sa Seksyon 7.b, sa ibaba;
d. Ang mga karapatan ng mag-aaral at mga magulang na siyasatin ang anumang dokumentaryo o pisikal na ebidensya at listahan ng sinumang saksi na ipapakilala sa pagdinig;
e. Ang mga karapatan ng mag-aaral at mga magulang na inilalarawan sa Seksyon 8, sa ibaba; at
f. Para lang sa mga pangmatagalang pagsuspinde at expulsion (ngunit hindi mga emergency na expulsion), kung mag-aalok ang Distrito na magdaos ng pulong sa muling pakikipag-ugnayan bago ang pagdinig ukol sa pag-apela.

4. Pagkakataong Muling Makipag-ugnayan: Para lang sa mga pangmatagalang pagsuspinde at expulsion (ngunit hindi sa mga emergency na expulsion), bago ang pagdinig ukol sa apela, maaaring pumayag ang mag-aaral, mga magulang, at Distrito na magdaos ng pulong sa muling pakikipag-ugnayan at bumuo ng plano sa muling pakikipag-ugnayan. Maaaring parehong pumayag ang mag-aaral, mga magulang, at ang Distrito na ipagpaliban ang pagdinig ukol sa apela habang lumalahok sa proseso ng muling pakikipag-ugnayan.

5. Pagdinig ukol sa Apela: Magdaraos ang Distrito ng pagdinig ukol sa apela sa loob ng mga sumusunod na panahon, maliban na lang kung iba ang pagkasunduan ng mag-aaral at mga magulang:
a. Para sa mga pangmatagalang pagsuspinde at expulsion, sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo ng paaralan mula sa petsa kung kailan natanggap ng tagapamahala o itinalaga ang kahilingan para sa apela.
b. Para sa mga emergency na expulsion, sa lalong madaling panahong makatuwiran, ngunit sa loob ng dalawang (2) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos ng petsa kung kailan matanggap ng tagapamahala o itinalaga ang kahilingan para sa apela.

6. Nangangasiwang Opisyal: Isang opisyal ng pagdinig (na maaaring isang empleyado o contractor ng Distrito) ang makikinig at magpapasya ukol sa mga apela. Hindi maaaring maugnay ang opisyal ng pagdinig sa labag na pag-uugali ng mag-aaral o pasyang patawan ng pangmatagalang pagsuspinde, expulsion, o emergency na expulsion ang mag-aaral at nalalaman niya ang tungkol sa mga panuntunan ng estado sa pagdidisiplina at sa mga patakaran at pamamaraan ng Distrito sa pagdidisiplina.

7. Ebidensya at Mga Saksi:
a. Kapag hiniling, maaaring siyasatin ng mag-aaral, mga magulang, at Distrito ang anumang dokumentaryo o pisikal na ebidensya at listahan ng sinumang saksi na ipapakilala sa pagdinig ukol sa apela. Dapat gawing available ng Distrito, mag-aaral, o mga magulang ang impormasyon sa lalong madaling panahong makatuwiran, ngunit hindi lalampas sa pagtatapos ng araw ng negosyo ng paaralan bago ang pagdinig ukol sa apela.
b. Kapag hiniling, maaaring suriin ng mag-aaral at mga magulang ang mga talaan sa edukasyon ng mag-aaral. Gagawing available ng Distrito ang mga talaan sa lalong madaling panahong makatuwiran, ngunit hindi lalampas sa pagtatapos ng

araw ng negosyo ng paaralan bago ang pagdinig ukol sa apela.
c. Kung hindi makakapunta o hindi pupunta sa pagdinig ukol sa apela ang isang saksi para sa distrito ng paaralan, maaaring palampasin ng opisyal ng pagdinig ang hindi pagpapakita ng saksi kung mapapatunayan ng Distrito na: (i) gumawa ng makatuwirang pagsusumikap ang Distrito na mapapunta ang saksi; at (ii) papalampasin ang hindi pagpapakita ng saksi dahil sa takot na gantihan o iba pang matinding dahilan.
8. Mga Karapatan ng Mag-aaral at Magulang: Sa panahon ng pagdinig ukol sa apela, may karapatan ang mag-aaral at mga magulang na:
a. Katawanin ng legal na tagapayo;
b. Kumuwestiyon ng mga saksi;
c. Ibahagi ang panig ng mag-aaral at magbigay ng pagpapaliwanag kaugnay ng labag na pag-uugali; at
d. Magpakita ng nauugnay na dokumentaryo, pisikal, o testimonyang ebidensya.
9. Record ng Pagdinig: Ire-record ang pagdinig ukol sa apela nang manual, elektroniko, o iba pang uri ng device sa pag-record. Magbibigay ang Distrito ng recording sa mag-aaral o mga magulang kapag hiniling.
10. Pasya ukol sa Apela: Ibabatay ng opisyal ng pagdinig ang pasya nang tanging sa ebidensya lang na naipresenta sa pagdinig. Magbibigay ng nakasulat na pasya ang opisyal ng pagdinig sa mag-aaral at mga magulang nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng email sa loob ng mga sumusunod na limitasyon sa oras: para sa mga pangmatagalang pagsuspinde at expulsion, sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos ng pagdinig ukol sa apela; at para sa mga emergency na expulsion, sa loob ng isang (1) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos ng pagdinig ukol sa apela. Kabilang sa nakasulat na pasya ang:
a. Mga resulta ng pagsusuri sa impormasyon;
b. Para lang sa mga pangmatagalang pagsuspinde at expulsion (ngunit hindi sa mga emergency na expulsion):
i. Isang pagpapasya kung: lumabag ang pag-uugali ng mag-aaral sa mga panuntunan sa pag-uugali ng mag-aaral na inilalarawan sa Pamamaraan 3300P; makatuwirang nangangailangan ang labag na pag-uugali ng pagsuspinde o expulsion at ang tagal ng pagsuspinde o expulsion; at pinagtibay, ipinawalang-bisa, o binago ang pagsuspinde o expulsion.
ii. Ang tagal ng panahon at mga kundisyon ng pagsuspinde o expulsion, kabilang ang mga petsa kung kailan magsisimula at magtatapos ang pagsuspinde o expulsion;
iii. Paunawa tungkol sa pagkakataong lumahok sa isang pulong sa muling pakikipag-ugnayan at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa taong mag-aasikaso sa pag-iskedyul ng pulong sa muling pakikipag-ugnayan.
c. Para lang sa mga emergency na expulsion:
i. Isang pagpapasya kung ang presensya ng mag-aaral ay patuloy na magdulot ng: agaran at patuloy na panganib sa mga mag-aaral o kawani ng paaralan; o agaran at patuloy na banta ng matinding pagkaabala ng proseso ng pag-aaral.
ii. Kung tatapusin ng Distrito ang emergency na expulsion o iko-convert ito sa

isang pagsuspinde o expulsion. Kung i-convert ng Distrito ang emergency na expulsion sa isang pagsuspinde o expulsion, bibigyan ng Distrito ang mag-aaral at mga magulang ng paunawa at karampatang proseso na kinakailangan sa pamamaraang ito para sa uri ng pagsuspinde o expulsion na ipinataw.
d. Paunawa sa karapatan ng mag-aaral at mga magulang na humiling ng pagsusuri at muling pagsasaalang-alang sa pasya ukol sa apela, kabilang ang kung saan at kanino hihiling;
11. Tulong sa Wika: Titiyakin ng Distrito na ang paunawa, pagdinig, at pasya ukol sa apela ay ibibigay sa wikang nauunawaan ng mag-aaral at ng mga magulang, na maaaring mangailangan ng tulong sa wika para sa mga mag-aaral at mga magulang na may limitadong kaalaman sa Ingles.

D. Nakabinbing Apela

1. Kung ang mag-aaral o mga magulang ay hihiling ng pag-apela sa pangmatagalang pagsuspinde o expulsion, maaaring pansamantalang patuloy na ipataw ng Distrito ang pagsuspinde o expulsion sa panahon ng pag-apela na napapailalim sa mga sumusunod na kinakailangan:
a. Maaaring pansamantalang patuloy na ipataw ng Distrito ang pagsuspinde o expulsion sa loob ng hindi hihigit sa sampung (10) magkakasunod na araw ng paaralan mula sa inisyal na pagdinig o hanggang sa magkaroon na ng pasya ang apela, alinman ang mauna;
b. Ang anumang araw na pansamantalang suspindido o pinaalis ang mag-aaral bago mapagpasyahan ang apela ay malalapat sa termino ng pagsuspinde o expulsion sa mag-aaral, at maaaring hindi magpalawig sa termino ng pagsuspinde o expulsion sa mag-aaral;
c. Kung ang mag-aaral na pansamantalang sinuspinde o pinatalsik ay bumalik sa paaralan bago magkaroon ng pasya sa apela sa ilalim ng seksyong ito, bibigyan ng Distrito ang mag-aaral ng pagkakataong makahabol sa mga nalaktawang takdang-aralin at pagsusulit sa panahon ng pagsuspinde o expulsion sa pagbabalik ng mag-aaral.

E. Pagsusuri at Muling Pagsasaalang-alang

1. Pagsusuri at Muling Pagsasaalang-alang sa Mga Pagsuspinde at Hindi Emergency na Expulsion
a. Kahilingan para sa Pagsusuri: Maaaring hilingin ng mag-aaral o mga magulang na suriin at muling isaalang-alang ng Lupon ng Mga Direktor ang pasya ng opisyal ng pagdinig. Maaaring hilingin ng mag-aaral o mga magulang ang pagsusuri nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat.
b. Limitasyon sa Oras: Dapat matanggap ng tanggapan ng tagapamahala ang apela sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo ng paaralan mula sa petsa kung kailan ibibigay ng Distrito sa mag-aaral at mga magulang ang nakasulat na pasya ukol sa apela.
c. Pamamaraan ng Pagsusuri:
i. Sa pagsusuri sa pasya ng opisyal ng pagdinig, isasaalang-alang ng Lupon ang lahat ng dokumentaryo at pisikal na ebidensyang nauugnay sa labag na pag-uugali, anumang talaan mula sa apela, nauugnay na batas ng estado, at ang patakaran ng Distrito ukol sa pagdidisiplina.

ii. Maaaring hilingin ng Lupon na makipagkita sa mag-aaral o mga magulang, sa punong-guro, mga saksi, o kawani ng paaralan upang makarinig ng higit pang argumento at mangalap ng karagdagang impormasyon.
iii. Ang pasya ng Lupon ay gagawin lang ng mga miyembrong hindi nauugnay sa labag na pag-uugali, sa pasya na suspindihin o patalsikin ang mag-aaral, o ang pasya ng opisyal ng pagdinig.
d. Pasya: Magbibigay ng nakasulat na pasya sa mag-aaral at mga magulang ang Lupon nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng email sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa pagsusuri at muling pagsasaalang-alang. Tutukuyin sa nakasulat na pasya:
i. Kung ipinagtitibay, ipinapawalang-bisa, o binabago ng lupon ng paaralan ang pagsuspinde o expulsion;
ii. Ang tagal ng panahon at mga kundisyon ng pagsuspinde o expulsion, kabilang ang mga petsa kung kailan magsisimula at magtatapos ang pagsuspinde o expulsion; at
iii. Para lang sa mga pangmatagalang pagsuspinde o expulsions, paunawa sa pagkakataong lumahok sa isang pulong sa muling pakikipag-ugnayan.
e. Tulong sa Wika: Titiyakin ng Distrito na ang anumang pagdinig at pasya ukol sa pagsusuri ay nasa wikang nauunawaan ng mag-aaral at ng mga magulang, na maaaring mangailangan ng tulong sa wika para sa mga mag-aaral at mga magulang na may limitadong kaalaman sa Ingles.
2. Pagsusuri at Muling Pagsasaalang-alang sa Mga Emergency na Expulsion
a. Kahilingan para sa Pagsusuri: Maaaring hilingin ng mag-aaral o mga magulang na suriin at muling isaalang-alang ng Lupon ng Mga Direktor ang pasya ng opisyal ng pagdinig ukol sa apela. Maaaring hilingin ng mag-aaral o mga magulang ang pagsusuri nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat.
b. Limitasyon sa Oras: Dapat matanggap ng tanggapan ng tagapamahala ang apela sa loob ng limang (5) araw ng negosyo ng paaralan mula sa petsa kung kailan ibibigay ng Distrito sa mag-aaral at mga magulang ang nakasulat na pasya ukol sa apela.
c. Pamamaraan ng Pagsusuri:
i. Sa pagsusuri sa pasya ng opisyal ng pagdinig, isasaalang-alang ng Lupon ang lahat ng dokumentaryo at pisikal na ebidensyang nauugnay sa labag na pag-uugali, anumang talaan mula sa apela, nauugnay na batas ng estado, at ang patakaran ng Distrito ukol sa pagdidisiplina.
ii. Maaaring hilingin ng Lupon na makipagkita sa mag-aaral o mga magulang, sa punong-guro, mga saksi, o kawani ng paaralan upang makarinig ng higit pang argumento at mangalap ng karagdagang impormasyon.
iii. Ang pasya ng Lupon ay gagawin lang ng mga miyembrong hindi nauugnay sa labag na pag-uugali, sa pasya na suspindihin o patalsikin ang mag-aaral, o ang pasya ng opisyal ng pagdinig.
d. Pasya: Magbibigay ng nakasulat na pasya sa mag-aaral at mga magulang ang Lupon nang personal, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng email sa loob ng limang (5) araw ng negosyo ng paaralan pagkatapos matanggap

ang kahilingan para sa pagsusuri at muling pagsasaalang-alang. Tutukuyin sa nakasulat na pasya:
i. Kung pagtitibayin o ipapawalang-bisa ng Lupon ang pasya ng Distrito na ang presensya ng mag-aaral ay nagdulot ng agaran at patuloy na panganib sa mga mag-aaral o kawani ng paaralan o agaran at patuloy na banta ng matinding pagkaabala ng proseso ng pag-aaral.
ii. Kung ang emergency na expulsion ay hindi pa natatapos o na-convert, kung tatapusin ng Distrito ang emergency na expulsion o iko-convert ang emergency na expulsion sa isang pagsuspinde o expulsion. Kung i-convert ng Distrito ang emergency na expulsion sa isang pagsuspinde o expulsion, bibigyan ng Distrito ang mag-aaral at mga magulang ng paunawa at karampatang proseso na kinakailangan sa pamamaraang ito para sa uri ng pagsuspinde o expulsion na ipinataw.
e. Tulong sa Wika: Titiyakin ng Distrito na ang anumang pagdinig at pasya ukol sa pagsusuri ay nasa wikang mauunawaan ng mag-aaral at ng mga magulang, na maaaring mangailangan ng tulong sa wika para sa mga mag-aaral at mga magulang na may limitadong kaalaman sa Ingles.

IV. MULING PAGTANGGAP SA PAARALAN HABANG NAPAPAILALIM SA PAGSUSPINDE O EXPULSION

Ang sinumang mag-aaral na nasuspinde o napaalis ay papahintulutang gumawa ng aplikasyon para sa muling pagpasok anumang oras. Dapat isumite ang aplikasyon sa punong-guro ng paaralan na gustong pasukan ng mag-aaral. Kasama sa aplikasyon ang:
A. Isang sanaysay na naglalahad ng mga dahilan kung bakit gustong bumalik ng mag-aaral at kung bakit dapat isaalang-alang ang kahilingan;
B. Patunay na sumusuporta sa kahilingan;
C. Pansuportang pahayag mula sa magulang o iba pang maaaring tumulong sa mag-aaral;
D. Patunay na nagsikap ang mag-aaral upang maipagpatuloy ang kanyang pag-aaral;
E. Pagsasadokumento ng boluntaryong gawain at iba pang pagsisikap upang makabawi sa ginawa; at
F. Kung ang expulsion ay nauugnay sa droga o alak, isang pagsusuri sa droga at alak at patunay ng follow-up sa mga rekomendasyon sa pagsusuring iyon.
Isasagawa ng punong-guro ang pagsasaalang-alang, pagkonsulta sa tagapamahala o itinalaga, at pagpapayo sa magulang at mag-aaral tungkol sa kanyang pasya sa pamamagitan ng liham sa loob ng limang (5) araw ng negosyo ng paaralan mula noong matanggap ang nasabing aplikasyon. Ang muling pagpasok sa paaralan ay maaaring nakasalalay sa anumang makatuwirang kundisyong imumungkahi ng punong-guro, alinsunod sa mga limitasyon sa mga kasunduan sa pag-uugali, sa ibaba.
Ang proseso ng muling pagpasok sa paaralan ay hiwalay at nakabukod sa anumang pulong sa muling pag-uugnay na isasagawa ng Distrito, ayon sa iniaatas ng batas ng estado, Kabanata 28A.600 RCW. (Tingnan ang Seksyon VII sa ibaba.)

V. MGA KASUNDUAN SA PAG-UUGALI

Maaaring magpatupad ng kasunduan sa pag-uugali sa pagitan ng Distrito at ng mga mag-aaral at magulang bilang tugon sa mga labag na pag-uugali, kabilang ang mga kasunduang bawasan ang tagal ng pagsuspinde sa kundisyong lumahok ang mag-aaral sa mga serbisyo sa pagpapabuti bilang panghalili sa pagsuspinde o expulsion, o ang pansamantalang pagkaantala ng pagsuspinde o expulsion. Titiyakin ng Distrito na hindi maalis ng kasunduan sa pag-uugali ang oportunidad ng mag-aaral na makilahok sa pulong sa muling pag-uugnay o makatanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon sa ilalim ng pamamaraang ito. Hindi lalampas sa tagal ng isang pang-akademikong termino ang tagal ng mga kasunduan sa pag-uugali.

Walang pumipigil sa Distrito na magpataw ng pagdidisiplina para sa mga labag na pag-uugali na magaganap matapos nitong makipagkasundo sa mag-aaral at mga magulang.

Titiyakin ng Distrito na ibibigay sa wikang naiintindihan ng mag-aaral at mga magulang ang anumang kasunduan sa pag-uugali sa ilalim ng seksyong ito.

VI. MGA SERBISYONG PANG-EDUKASYON

A. Sa panahon ng pagkasuspinde, expulsion, o emergency na expulsion ng isang mag-aaral, bibigyan siya ng Distrito ng pagkakataong makatanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon. Ang mga serbisyong pang-edukasyon ay dapat makapagbigay-daan sa mag-aaral na magpatuloy sa pakikilahok sa pangkalahatang curriculum ng pag-aaral; makatugon sa mga pamantayan sa edukasyon na itinakda ng Distrito; at makatugon sa mga kinakailangan sa asignatura, baitang, at pagtatapos.

B. Kapag nagbibigay ng pagkakataong makatanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon ang isang mag-aaral, isasaalang-alang ng Distrito ang mga sumusunod:

1. Makabuluhang input mula sa mag-aaral, mga magulang, at mga guro ng mag-aaral;
2. Kung kabilang sa mga karaniwang serbisyong pang-edukasyon ng mag-aaral ang mga serbisyo sa paglinang ng kakayahan sa wikang Ingles, espesyal na edukasyon, lugar na tutuluyan at mga nauugnay na serbisyo sa ilalim ng Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ng 1973, o mga karagdagang serbisyong idinisenyo upang suportahan ang akademikong paglago ng mag-aaral; at
3. Access sa anumang kinakailangang teknolohiya, transportasyon, o mga mapagkukunan na kailangan ng mag-aaral upang ganap na makalahok sa mga serbisyong pang-edukasyon.

C. Maaaring bigyan ng Distrito ang mag-aaral ng mga serbisyong pang-edukasyon sa alternatibong pagkakaayos, o maaari nitong baguhin ang pagsuspinde o expulsion depende sa sitwasyon. Ang alternatibong pagkakaayos ay dapat maging kahalintulad, matumbas, at naaangkop sa mga karaniwang serbisyong pang-edukasyon na matatanggap dapat ng mag-aaral kung hindi siya napatawan ng nagbubukod na pagdidisiplina. Kabilang sa mga halimbawa ng alternatibong pagkakaayos ang mga alternatibong high school, isa sa isang pag-tutor, at pagbabasa online.

D. Sa lalong madaling panahon matapos ipataw ang pagsuspinde o expulsion, magbibigay ang Distrito ng nakasulat ng paunawa sa mag-aaral at mga magulang tungkol sa mga serbisyong pang-edukasyong ibibigay ng Distrito. Ibibigay ng Distrito ang nakasulat na paunawa nang personal o sa pamamagitan ng koreo o email. Kabilang sa paunawa ang paglalarawan ng mga ibibigay na serbisyong pang-edukasyon at ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng tauhan ng paaralan na makakapagbigay ng suporta upang makasunod ang mag-aaral sa mga kasalukuyang takdang-aralin at gawain sa kurso.
E. Para sa mga mag-aaral na napatawan ng pagsuspinde o emergency na expulsion na hanggang limang (5) sunod-sunod na araw ng paaralan, ibibigay ng Distrito ang mga sumusunod o higit pa sa mga ito:
1. Gawain sa kurso, kabilang ang anumang naitalagang takdang-aralin, mula sa lahat ng karaniwang asignatura o klase ng mag-aaral.
2. Access sa mga tauhan ng paaralan na makakapagbigay ng suporta upang makasunod ang mag-aaral sa mga kasalukuyang takdang-aralin at gawain sa kurso mula sa lahat ng karaniwang asignatura o klase ng mag-aaral.
3. Pagkakataong makahabol ang mag-aaral sa anumang takdang-aralin at pagsusulit na hindi niya nagawa sa panahon ng pagkasuspinde o emergency na expulsion.
F. Para sa mga mag-aaral na napatawan ng pagsuspinde o emergency na expulsion na anim (6) hanggang sampung(10) sunod-sunod na araw ng paaralan, ibibigay ng Distrito ang mga sumusunod o higit pa sa mga ito:
1. Gawain sa kurso, kabilang ang anumang naitalagang takdang-aralin, mula sa lahat ng karaniwang asignatura o klase ng mag-aaral.
2. Access sa mga tauhan ng paaralan na makakapagbigay ng suporta upang makasunod ang mag-aaral sa mga kasalukuyang takdang-aralin at gawain sa kurso mula sa lahat ng karaniwang asignatura o klase ng mag-aaral. Magsasagawa ng makatuwirang pagtatangka ang mga tauhan ng paaralan na makipag-ugnayan sa mag-aaral o mga magulang sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo ng paaralan mula sa simula ng pagsuspinde o emergency na expulsion, at pana-panahon pa matapos nito hanggang sa matapos ang pagsuspinde o expulsion, upang:
a. Isaayos ang pagpapadala at pagbibigay ng grado sa gawain sa kurso sa pagitan ng mag-aaral at ng (mga) guro ng mag-aaral, sa dalas na magbibigay-daan sa mag-aaral na makasunod sa mga kasalukuyang takdang-aralin at gawain sa kurso para sa lahat ng karaniwang asignatura o klase ng mag-aaral; at
b. Makipag-ugnayan sa mag-aaral, mga magulang, at (mga) guro ng mag-aaral tungkol sa progreso ng pag-aaral ng mag-aaral.
3. Pagkakataong makahabol ang mag-aaral sa anumang takdang-aralin at pagsusulit na hindi niya nagawa sa panahon ng pagkasuspinde o emergency na expulsion.
G. Para sa mga mag-aaral na pinatawan ng expulsion o pagsuspinde na mahigit sampung (10) sunod-sunod na araw ng paaralan, magbibigay ng mga serbisyong pang-edukasyon ang Distrito alinsunod sa WAC 392-121-107.
H. Titiyakin ng Distrito na ibibigay sa wikang naiintidihan ng mag-aaral at mga magulang ang mga paunawa at komunikasyong kinakailangan sa itaas.

VII. MULING PAKIKIPAG-UGNAYAN

A. Mga Pulong sa Muling Pakikipag-ugnayan: Kapag nagpataw ang Distrito ng pangmatagalang pagsuspinde o expulsion sa isang mag-aaral, magtatawag ito ng pulong sa muling pakikipag-ugnayan kasama ng mag-aaral at mga magulang upang talakayin ang isang plano upang muling makipag-ugnayan sa mag-aaral, na napapailalim sa mga sumusunod na kinakailangan:

1. Makikipag-usap ang Distrito sa mag-aaral at mga magulang upang iiskedyul ang oras at lokasyon ng pulong bago magpatawag ng pulong.
2. Magaganap ang pulong (i) sa loob ng dalawampung (20) araw sa kalendaryo pagkatapos magsimula ang pangmatagalang pagsuspinde o expulsion, ngunit hindi lalampas sa limang (5) araw sa kalendaryo bago bumalik sa paaralan ang mag-aaral, o (ii) sa lalong madaling panahong makatuwiran, kung hihiling ang mag-aaral o mga magulang ng agarang pulong sa muling pakikipag-ugnayan.
3. Hindi pamalit ang mga pulong sa muling pakikipag-ugnayan para sa pagdinig ukol sa apela o petisyon para sa muling pagtanggap.

B. Mga Plano sa Muling Pakikipag-ugnayan: Makikipagtulungan ang Distrito sa mag-aaral at mga magulang upang bumuo ng plano sa muling pakikipag-ugnayan na sensitibo at tumutugon sa kultura na iniangkop sa mga indibidwal na sitwasyon ng mag-aaral upang suportahan ang mag-aaral sa matagumpay na pagbalik sa paaralan. Sa pagbuo ng plano sa muling pakikipag-ugnayan, isasaalang-alang ng Distrito ang mga sumusunod:

1. Ang uri at mga sitwasyon ng insidenteng humantong sa pagsuspinde o expulsion sa mag-aaral;
2. Kung naaangkop, ang kultural na kasaysayan at konteksto ng mag-aaral, mga kultural na gawi at pagpapahalaga ng pamilya, mga mapagkukunan sa komunidad, at outreach sa komunidad at magulang;
3. Pagpapaikli sa tagal ng panahon ng pagsuspinde o pagpapatalsik sa mag-aaral;
4. Pagbibigay ng pang-akademiko at hindi pang-akademikong suporta na nakakatulong sa pang-akademikong tagumpay ng mag-aaral at nagpapanatili sa mag-aaral na nakikipag-ugnayan at nasa daan tungo sa pagtatapos; at
5. Pagsuporta sa mag-aaral, mga magulang, o kawani ng paaralan sa pagsasagawa ng pagkilos upang remedyuhan ang mga sitwasyong nagresulta sa pagsuspinde o expulsion at pagpigil na maulit ang mga katulad na sitwasyon.

C. Dokumentasyon: Idodokumento ng Distrito ang plano sa muling pag-uugnay at magbibigay ito ng kopya ng plano sa mag-aaral at mga magulang.

D. Tulong sa wika: Titiyakin ng Distrito na ang pulong at plano sa muling pakikipag-ugnayan ay nasa wikang nauunawaan ng mag-aaral at ng mga magulang, na maaaring mangailangan ng tulong sa wika para sa mga mag-aaral at mga magulang na may limitadong kaalaman sa Ingles.

VIII. MGA PAGLABAG UKOL SA ARMAS

A. Alinsunod sa batas ng estado (RCW 28A.600.420), nalalapat ang mga sumusunod na panuntunan kapag nagkaroon ng Paglabag ukol sa Armas ang isang mag-aaral, na tinutukoy sa ibaba:

1. Patatalsikin ng Distrito ang isang mag-aaral sa loob ng hindi bababa sa isang

(1) taon kung napag-alamang nagdala o nagmamay-ari ang mag-aaral ng isang armas sa mga lugar na nasasakupan ng paaralan, transportasyong ibinibigay ng paaralan, o mga lugar ng mga pasilidad habang eksklusibong ginagamit ng mga pampublikong paaralan. Maaaring baguhin ng tagapamahala ng Distrito ang expulsion batay sa kaso.
2. Maaaring suspindihin o patalsikin ng Distrito ang isang mag-aaral sa loob ng hanggang isang (1) taon kung ang mag-aaral ay kikilos nang may malisya, gaya ng tinutukoy sa RCW 9A.04.110, at magpapakita ng instrumentong mukhang armas sa mga lugar na nasasakupan ng paaralan, transportasyong ibinibigay ng paaralan, o mga lugar ng mga pasilidad habang eksklusibong ginagamit ng mga pampublikong paaralan.
B. Ang mga sumusunod ay mga pagbubukod na hindi kabilang sa Mga Paglabag ukol sa Armas:
1. Sinumang mag-aaral na habang nasa ilalim ng edukasyong pangmilitar ay pinahintulutan ng Distrito na gumamit ng mga riple;
2. Sinumang mag-aaral na habang nasa isang convention, palabas, demonstrasyon, klase, o kurso patungkol sa kaligtasan sa paggamit ng armas ay pinahintulutan ng Distrito na hawakan o ipakita ang mga riple ng mga kolektor o tagapagturo; o kaya
3. Sinumang mag-aaral na habang lumalahok sa isang kompetisyon sa riple ay pinahintulutan ng Distrito.

IX. DETENSYON

Para sa mga hindi matinding pagsuway sa mga panuntunan at regulasyon ng paaralan, o para sa hindi matinding maling pag-uugali, maaaring mag-detain ang mga kawani ng mga mag-aaral pagkatapos ng klase sa loob ng hindi lalampas sa dalawang (2) oras at nang hindi humihingi ng paunang pahintulot ng magulang (bilang “iba pang uri ng pagdidisiplina,” ayon sa inilalarawan sa itaas). Hindi magsisimula ang detensyon hangga't hindi naaabisuhan ang mga magulang (maliban sa sitwasyon ng mag-aaral na nasa hustong gulang), para sa layunin ng pagpapaalam sa mga magulang ng tungkol sa dahilan ng detensyon at para makapag-ayos ang mga magulang para sa kinakailangang transportasyon ng mag-aaral, kung na-detain siya pagkatapos ng oras ng klase para sa pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali.
Bago ang pagtatalaga ng nasabing pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali, ipapaalam ng miyembro ng kawani sa mag-aaral ang uri ng ipinaparatang na paglabag at ang partikular na pag-uugali na di-umano'y dahilan ng paglabag. Bibigyan ang mag-aaral ng pagkakataon na ipaliwanag o pangatwiranan ang kanyang mga pagkilos sa miyembro ng kawani. Ang mga mag-aaral na sasailalim sa detensyon ay ilalagay sa direktang pangangasiwa ng miyembro ng kawani o iba pang miyembro ng propesyonal na kawani. Ang oras na gugugulin ng mag-aaral para sa nasabing pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali ay gagamitin sa produktibong paraan.

X. PAGPROTEKTA SA BIKTIMA

Alinsunod sa RCW 28A.600.460, maaaring pigilan ng Distrito ang pagpapabalik sa isang mag-aaral sa kanyang karaniwang kapaligiran sa pag-aaral matapos ang petsa ng pagtatapos ng pagsuspinde o expulsion upang protektahan ang mga biktima ng mga partikular na paglabag, gaya ng mga sumusunod:

A. Kung nakatuon sa guro ang aktibidad, ang isang mag-aaral na lumabag sa ilalim ng RCW 28A.600.460(2) ay hindi itatalaga sa silid-aralan ng gurong iyon sa panahon ng pagpasok ng mag-aaral sa paaralan o sa anumang iba pang paaralan kung saan nakatalaga ang guro.

B. Kung nakatuon sa ibang mag-aaral ang aktibidad, ang isang mag-aaral na lumabag sa ilalim ng RCW 28A.600.460(3) ay maaaring alisin sa silid-aralan ng biktima sa panahon ng pagpasok ng mag-aaral sa paaralang iyon o sa anumang iba pang paaralan kung saan nakatala ang biktima.

XI. MGA PANGUNAHING KARAPATAN

Kapag nagpapataw ng pagdidisiplina sa ilalim ng kabanatang ito, hindi gagawin ng Distrito ang mga sumusunod:

A. Mandiskrimina sa anumang ilegal na paraan laban sa isang mag-aaral batay sa kasarian, lahi, pananampalataya, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, edad, katayuan bilang beterano o sundalo, sekswal na oryentasyon, pagpapahayag ng kasarian o kinikilalang kasarian, kapansanan, o paggamit ng sinanay na gabay na aso o gabay na hayop;

B. Itanggi sa isang mag-aaral ang kanyang karapatan ayon sa konstitusyon na malayang makapagsalita at makapaglimbag; ang karapatan ayon sa konstitusyon na mapayapang magtipon-tipon at magpetisyon sa pamahalaan at mga kinatawan nito para sa pagtutuwid ng mga karaingan; o ang karapatan ayon sa konstitusyon na malayang magsabuhay ng relihiyon at hindi magkaroon ng kontrol o impluwensya ng isang sektor sa kanyang paaralan, nang may pagsasaalang-alang sa mga makatuwirang limitasyon sa oras, lugar, at paraan ng paggamit ng karapatan;

C. Itanggi sa mag-aaral ang kanyang karapatan ayon sa konstitusyon na maging ligtas laban sa mga hindi makatuwirang pagsusugasig at pagkuha o pagdakip ng kanyang sarili, mga papeles, at mga ari-arian;

D. Mamagitan, sa paraang labag sa batas, sa kagustuhan ng mag-aaral na makatanggap ng edukasyon habang nasa kustodiya ng Distrito; o

E. Itanggi sa mag-aaral ang kanyang karapatang magkaroon ng patas na oportunidad sa edukasyon, sa kabuuan o bahagi nito, nang walang naaangkop na legal na proseso.

Iba Pang Patakaran

Kustodiya sa Bata

{Hango sa Patakaran #3610, Kustodiya sa Bata}
Ipinapalagay ng Lupon ng Mga Direktor na ang taong nagtala sa mag-aaral sa paaralan ay ang magulang na kasama ng mag-aaral sa bahay. Maliban kung hindi ganito ang tutukuyin ng hukuman, ipapalagay na ang magulang na kasama sa bahay ang responsable sa mga pasya hinggil sa pang-araw-araw na pangangalaga at pagkontrol sa mag-aaral. Ang mga magulang, tagapag-alaga, o tumatayong magulang ay may legal na karapatang matanggap ang impormasyong nilalaman ng mga talaan ng paaralan hinggil sa kanilang anak, at upang maipagbawal o mapahintulutan ang pagbubunyag ng nasabing impormasyon sa iba alinsunod sa awtoridad na ibinigay sa magulang na kasama sa bahay.

Maliban kung sasabihan ng taliwas dito, ipagpapalagay ng lupon na walang paghihigpit hinggil sa karapatan ng magulang na hindi kasama sa bahay na kumatawan bilang magulang ng mag-aaral at/o mapanatiling may nalalaman sa progreso at mga aktibidad ng mag-aaral sa paaralan. Maliban kung may mga paghihigpit na ipinataw ang hukuman, kung hihilingin, ang magulang na hindi kasama sa bahay ay bibigyan ng mga ulat sa grado, paunawa sa mga aktibidad ng paaralan, ulat sa mga pagkilos sa pagdidisiplina, o paunawa sa mga pulong o buod kasama ng guro/punong-guro. Kung magkakaroon ng mga paghihigpit kaugnay ng mga ito o sa anumang iba pang karapatan ng magulang, hihilingin sa magulang na kasama sa bahay na magsumite ng sertipikadong kopya ng utos ng hukuman na pumuputol sa mga karapatang ito. Kung kukwestyunin ng magulang na hindi kasama sa bahay ang mga karapatang ito, isasangguni ang isyu sa awtoridad ng hukuman o tagapagpatupad ng batas para sa resolusyon.

Paglaban sa Pandidiskrimina

{Hango sa Patakaran #3210, Paglaban sa Pandidiskrimina}
Ang distrito ay magbibigay ng pantay na pagkakataon at pagtrato sa pag-aaral sa lahat ng mag-aaral sa lahat ng aspeto ng programang pang-akademiko at pang-aktibidad nang hindi isinasaalang-alang ang lahi, pananampalataya, kulay, bansang pinagmulan, katayuan bilang pinangaralang beterano o sundalo, kasarian, seskwal na oryentasyon, pagpapahayag ng kasarian o kinikilalang kasarian, pagkakaroon ng anumang sensory na kapansanan, kapansanan sa pag-iisip, o pisikal na kapansanan, o ang paggamit ng gabay na aso o gabay na hayop ng isang taong may kapansanan. Magbibigay ang distrito ng pantay na access sa mga pasilidad ng paaralan sa Boy Scouts of America at lahat ng itinalagang pangkat ng kabataan na nakalista sa Titulo 36 ng Kodigo ng Estados Unidos (United States Code) bilang makabayang samahan. Ang mga programa ng Distrito ay hindi dapat maugnay sa anumang panliligalig na labag sa batas, kabilang ang sekswal na panliligalig.

Mga Talaan ng Mag-aaral

{Hango sa Patakaran at Pamamaraan #3600, Mga Talaan ng Mag-aaral} Papanatilihin ng distrito ang mga talaan ng mag-aaral na iyon para sa gabay sa pag-aaral at/o kabutihan ng mga mag-aaral, para sa maayos at mahusay na pagpapatakbo ng mga paaralan gaya ng iniaatas ng batas. Ang lahat ng impormasyong nauugnay sa mga indibidwal na mag-aaral ay dapat itrato sa kumpidensyal at propesyonal na paraan. Kapag naglabas ng impormasyon alinsunod sa mga batas ng Estado at pederal na pamahalaan, hindi maaapektuhan ang distrito at mga empleyado ng distrito laban sa pananagutang sibil maliban kung kumilos sila nang may labis na kapabayaan o masamang layunin. Ang mga talaan ng mag-aaral ay pag-aari ng distrito ngunit makukuha sa maaayos at napapanahong paraan para sa mga mag-aaral at magulang. Maaaring kwestyunin ng mag-aaral o magulang ang anumang impormasyon sa talaan ng mag-aaral na pinaniniwalaang hindi tumpak, nakakapanloko, o lumalabag sa pagkapribado o iba pang karapatan ng mag-aaral.

Ipapadala ang mga talaan ng mag-aaral sa ibang ahensya ng paaralan, kung hihilingin. Dapat bigyan ng awtoridad ng mag-aaral sa sekundarya ang distrito na nagpapahintulot sa mga posibleng employer na suriin ang transcript ng mag-aaral. Kakailanganin ng pahintulot ng magulang bago maglabas ang distrito ng mga talaan ng mag-aaral maliban sa isang ahensya o organisasyon ng paaralan, at maliban kung isinasaad sa batas. Kapag wala pa sa kalahati ang natatanggap na suporta ng mag-aaral na nasa hustong gulang mula sa magulang, ang mga karapatang nakalaan sa magulang at ang kinakailangang pahintulot mula sa magulang alinsunod sa patakarang ito ay malalapat at iaatas lang sa mag-aaral.

Hindi maglalabas ng report card, transcript, o diploma hangga't hindi nagsasagawa ang mag-aaral ng pagsasaayos ng mga napag-alamang pagkasira bilang resulta ng pagkawala o pagkasira ng mga materyales o kagamitan ng paaralan. Ang mga talaan lang na tumutukoy sa akademikong pagganap ng mag-aaral, espesyal na placement, at pagkilos sa pagdidisiplina ang ipapadala sa papasukang paaralan. Ang mga nilalaman ng mga talaang iyon ay ipapadala sa papasukang distrito sa loob ng dalawang araw ng paaralan at ang mga kopya ng talaan ay ipapadala sa lalong madaling panahon. Ang opisyal na transcript ay hindi ilalabas hanggang sa maibigay ang hindi nabayarang pagsingil o multa. Ang papasukang paaralan ay aabisuhang ang opisyal na transcript ay hindi inilalabas dahil sa hindi pa nababayarang singil o multa.

Binibigyan ng Batas sa Mga Karapatan at Pagkapribado ng Pamilya sa Edukasyon (Family Educational Rights and Privacy Act, FERPA) ang mga magulang at mag-aaral na lampas 18 taong gulang ("mga kwalipikadong mag-aaral") ng ilang partikular na karapatan hinggil sa mga pang-edukasyong talaan ng mag-aaral. Ang mga ito ay:

1) Karapatan na inspeksyunin at suriin ang mga pang-edukasyong talaan

ng mag-aaral sa loob ng 45 araw mula sa pagtanggap ng distrito ng kahilingan sa pag-access.

2) Karapatang humiling ng pagbabago sa mga pang-edukasyong talaan ng mag-aaral na pinaniniwalaan ng magulang o kwalipikadong mag-aaral na hindi tumpak o nakakapanlinlang.
3) Karapatang tumutol sa pagbubunyag ng mga personal na nakakapagpakilalang impormasyon na nilalaman ng mga pang-edukasyong talaan ng mga mag-aaral, maliban sa limitasyong pinapahintulutan ng FERPA ang pagbubunyag nang walang pahintulot.
4) Karapatang maghain ng karaingan sa Departamento ng Edukasyon ng U.S. (U.S. Department of Education) hinggil sa mga ipinaparatang na pagkabigo ng distrito na sumunod sa mga iniaatas ng FERPA.

Sekswal na Panliligalig

{Hango sa Patakaran #3209, Sekswal na Panliligalig}

Kasama sa dedikasyon ng distrito ang pagbibigay ng positibo at produktibong kapaligiran sa pag-aaral at pagtatrabaho na malaya sa pandidiskrimina, kabilang dito ang sekswal na panliligalig. Ipinagbabawal ng distrito ang sekswal na panliligalig sa mga mag-aaral, empleyado, at iba pang nauugnay sa mga aktibidad ng paaralan sa distrito.

May nangyayaring sekswal na panliligalig kapag:

1. ang pagpayag sa mga sekswal na kagustuhan ng nanliligalig ay isang sinabi o ipinahiwatig na kundisyon ng paghingi ng oportunidad na makapag-aral o makapagtrabaho o iba pang benepisyo;
2. ang pagpayag o pagtanggi sa sekswal na kagustuhan ay salik sa pag-aaral, trabaho, o iba pang pasyang nauugnay sa paaralan na makakaapekto sa indibidwal; o
3. ang hindi hininging sekswal o nakadirekta sa kasarian na pag-uugali o komunikasyon ay nakakaabala sa ginagawa ng indibidwal, o bumubuo ng nakakapanakot, nakakapinsala, o nakakabastos na kapaligiran.

Maaaring magkaroon ng sekswal na panliligalig gawa ng taong nasa hustong gulang na nakadirekta sa mag-aaral, mag-aaral na nakadirekta sa taong nasa hustong gulang, mag-aaral sa kapwa mag-aaral, taong nasa hustong gulang sa ibang taong nasa hustong gulang, lalaki na nakadirekta sa babae, babae na nakadirekta sa lalaki, lalaki sa kapwa lalaki, at babae sa kapwa babae.

Ang distrito ay magsasagawa ng mabilis, makatuwiran, at pangremedyong pagkilos sa abot ng awtoridad nito kaugnay ng mga ulat, reklamo, at karaingan na nagpaparatang ng sekswal na panliligalig na malalaman ng distrito, sa pormal man o hindi pormal na paraan. Ang mga paratang ng kriminal na gawain ay iuulat sa tagapagpatupad ng batas at ang

pinaghihinalaang pang-aabuso sa bata ay iuulat sa tagapagpatupad ng batas o sa Mga Serbisyo sa Pagprotekta ng Mga Bata (Child Protective Services). Ang mga taong mapag-aalamang nakaranas ng sekswal na panliligalig ay makakatanggap ng mga naaangkop na serbisyo mula sa distrito ng paaralan, na makukuha nila sa makatuwirang paraan, at susuriin at reremedyuhan ang mga resulta ng panliligalig, ayon sa naaangkop.

Ang pagkakasangkot sa sekswal na panliligalig ay magreresulta sa naaangkop na pagdidisiplina o iba pang naaangkop na parusa laban sa mga mag-aaral na nagsagawa nito. Ang sinumang masasangkot sa sekswal na panliligalig sa nasasakupan ng paaralan o sa mga aktibidad ng paaralan ay aalisan ng access sa nasasakupan o aktibidad ng paaralan, ayon sa naaangkop.

Ang pagganti laban sa sinumang taong nagsagawa ng reklamo o nakasaksi sa isang sekswal na panliligalig ay magreresulta sa naaangkop na pagdidisiplina. Magsasagawa ang distrito ng mga naaangkop na pagkilos upang maprotektahan ang mga nauugnay na tao mula sa pagganti sa kanila.

Paglabag sa patakarang ito ang sadyang pag-uulat ng maling paratang ng sekswal na panliligalig. Ang mga taong mapag-aalamang sadyang nag-ulat o nakipagsabwatan sa maling paratang ay mapaparusahan ng naaangkop na pagdidisiplina.

Pagbabawal sa Panliligalig, Pananakot, at Pambu-bully/Pambu-bully sa Cyberspace

{Hango sa Patakaran #3308, Pagbabawal sa Panliligalig, Pananakot, at Pambu-bully/ Pambu-bully sa Cyberspace}

Kasama sa dedikasyon ng Distrito ng Paaralan ng Shoreline ang pagbibigay ng ligtas at sibil na kapaligiran sa pag-aaral, kung saan ang mga mag-aaral, empleyado, boluntaryo, at patron ay nagtatrabaho, natututo, at nakikilahok sa isang kapaligiran na malaya sa panliligalig, pananakot at pambu-bully/pambu-bully sa cyberspace. Tumutukoy ang “panliligalig, pananakot o pambu-bully” sa anumang sinasadyang nakasulat na mensahe o larawan, kabilang ang mga mensaheng ipinadala sa electronic na paraan (sexting), pasalita o pisikal na gawi, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, gawing nakikitang may motibasyon ng anumang katangiang nakasaad sa RCW 9A.36.080(3), (lahi, kulay, bansang pinagmulan (kabilang ang wika), kasarian, sekswal na oryentasyon kabilang ang pagpapahayag ng kasarian o kinikilalang kasarian, pananampalataya, relihiyon, edad, katayuan bilang beterano o sundalo, kapansanan, o paggamit ng sinanay na gabay na aso o gabay na hayop ng isang taong may kapansanan), o iba pang nagpapakilalang katangian, kapag ang gawi ay:

- pisikal na nakakasakit sa isang mag-aaral o nakakasira sa pag-aari ng mag-aaral; o
- may epekto ng matinding pag-abala sa pag-aaral ng mag-aaral; o
- napakatindi, paulit-ulit, o nangingibabaw na gawi na nagreresulta sa nakakapanakot o nakakapagbantang kapaligiran sa pag-aaral; o
- may epekto ng matinding pag-abala sa maayos na pagpapatakbo ng paaralan.

Walang anuman sa seksyong ito ang nagsasabing ang naapektuhang mag-aaral ay mayroong aktuwal na katangiang naging batayan ng panliligalig, pananakot, o pambu-bully/pambu-bully sa cyberspace. Maaaring kasama sa “iba pang tumutukoy na katangian” ang, ngunit hindi limitado sa: pisikal na hitsura, pananamit o iba pang kasuotan, socio-economic na katayuan, kinikilalang kasarian, at katayuan sa pag-aasawa. Maraming uri ang panliligalig, pananakot, o pambu-bully/pambu-bully sa cyberspace, kabilang ang: mga pang-aalipusta, pagkakalat ng haka-haka, pagbibiro, nakakabastos na pagpapahiwatig, nakakapanliit na pagkokomento, pagguhit, cartoon, prank, paggalaw, pamimisikal, pag-atake, pagbabanta, o iba pang pasulat, pasalita o pisikal na pagkilos. Tumutukoy ang mga “sinadyang pagkilos” sa pagpili ng indibidwal na masangkot sa gawain, at hindi sa pangkabuuang epekto ng (mga) pagkilos.

Depende sa dalas at tindi ng pag-uugali, maaaring magkaroon ng interbensyon, pagpapayo, pagwawasto, pagdidisiplina at/o pagrerekomenda sa tagapagpatupad ng batas. Walang empleyado, mag-aaral, o boluntaryo ng paaralan ang maaaring masangkot sa pagbawi, pagganti, o maling pag-aakusa laban sa isang biktima, saksi, o sa isang katiwa-tiwalang impormasyon tungkol sa ginawang panliligalig, pananakot, o pambu-bully/pambu-bully sa cyberspace. Ipinagbabawal ang pagganti at magreresulta ito sa naaangkop na pagdidisiplina. Paglabag sa patakarang ito ang pagbabanta o pananakit sa isang tao dahil sa pag-uulat ng panliligalig, pananakot, o pambu-bully/pambu-bully sa cyberspace. Paglabag din sa patakarang ito ang sadyang pag-uulat ng maling paratang ng panliligalig, pananakot, o pambu-bully/pambu-bully sa cyberspace. Hindi makakatanggap ng pagdidisiplina ang mga mag-aaral o empleyado dahil sa pag-uulat nang may mabuting hangarin. Gayunpaman, ang mga taong mapag-aalamang sadyang nag-ulat o nakipagsabwatan sa maling paratang ay mapaparusahan ng naaangkop na pagdidisiplina. Ang sinumang empleyado, mag-aaral, boluntaryo ng paaralan na nakasaksi o may katiwa-tiwalang impormasyon na ang isang mag-aaral ay nakaranas ng panliligalig, pananakot, o pambu-bully/pambu-bully sa cyberspace, sinabi man sa kanya, o sa pisikal na aspeto, ay hinihikayat na iulat ang nasabing insidente sa isang naaangkop na opisyal ng paaralan. Ang anumang pag-uulat ay hindi maaapektuhan ng dahilan ng pagkilos para sa mga pinsala na dulot ng pagkabigo na maremedyuhan ang iniulat na insidente. Para ma-access ang Form sa Pag-uulat ng Panliligalig, Pananakot, at Pambu-bully sa Distrito ng Paaralan ng Shoreline, pakibisita ang: http://www.shorelineschools.org/HIBReportingForm

Ang opisyal sa pagsunod ay si: Darlene Mendoza Gonzales, Panliligalig, Pananakot at Pagsunod, 18560 1st Ave. NE, Shoreline, WA 98155, 206.393.4213

Paunawa Laban sa Pandidiskrimina, Proseso ng Paghahain ng Karaingan/ Reklamo

Ang Mga Pampublikong Paaralan sa Shoreline ay magbibigay ng Pantay na Pagkakataon sa Pag-aaral at Pagtatrabaho nang hindi isinasaalang-alang ang lahi, pananampalataya, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan, seskwal na oryentasyon, pagpapahayag ng kasarian o kinikilalang kasarian, relihiyon, edad, katayuan bilang beterano o sundalo, paggamit ng gabay na aso o gabay na hayop ng isang taong may kapansanan, at magbibigay ng pantay na pag-access sa Boy Scouts at iba pang itinalagang pangkat para sa kabataan.

Sumusunod ang Distrito sa lahat ng nalalapat na batas at regulasyon ng estado at pederal na pamahalaan sa lahat ng programa, kurso, aktibidad ng distrito kabilang ang mga aktibidad na hindi kasama sa curriculum, serbisyo, pasilidad, atbp.

Nag-aalok ang Distrito ng Paaralan sa Shoreline ng mga klase sa maraming programa sa larangan ng Karera at Teknikal na Edukasyon (Career and Technical Education, CTE) sa ilalim ng patakaran nito sa bukas na pagpapatala. Partikular dito, ang Distrito ng Paaralan sa Shoreline ay nag-aalok ng mga pagpapatala na nakabatay sa mga piling pamantayan (gaya ng programa sa Advanced na Placement sa CTE na nangangailangan ng prerequisite) sa pamamagitan ng isang hiwalay na proseso sa aplikasyon nang hindi nandidiskrimina. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa proseso ng aplikasyon at partikular na iniaalok na kurso, makipag-ugnayan sa tanggapan ng pagpapatala sa Mataas na Paaralan ng Shorecrest (206.393.4286) o Mataas na Paaralan ng Shorewood (206.393.4372). Ang kahusayan sa paggamit ng wikang Ingles ay hindi isang elemento sa pagpapatala at sa mga kinakailangan sa paglahok sa mga klase sa karera at teknikal na edukasyon. Ang paunawang ito ay maaaring ibigay sa naaangkop na wika para sa mga komunidad na iba ang bansang pinagmulan, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa 206.393.4365. Ang mga sumusunod na tao ay itinalaga para mangasiwa ng mga tanong hinggil sa mga patakaran laban sa pandidiskrimina:

Ang Titulo IX Opisyal at Tagapangasiwa sa Pagsunod para sa Batas ng Estado (RCW 28A.640/28A.642) na may pangkalahatang responsibilidad sa pagsubaybay at pagtiyak sa pagsunod ay kinapapalooban ng sumusunod:

Titulo IX Panliligalig, Pananakot, at Pambu-bully ng Opisyal at Nasa Hustong Gulang:
Darlene Mendoza Gonzales, Direktor ng Human Resources/Classified Staff
18560 1st Avenue NE, Shoreline, WA 98155
206.393.4776

Panliligalig, Pananakot, at Pambu-bully ng Mag-aaral:
Don Dalziel, Pagsunod laban sa Panliligalig, Pananakot, at Pambu-bully
18560 1st Avenue NE, Shoreline, WA 98155
206.393.4213

Opisyal sa Pagsunod para sa ADA at Seksyon 504 Opisyal sa Pagsunod
Amy Vujovich
Direktor ng Mga Serbisyo sa Mag-aaral
18560 1st Avenue NE, Shoreline, WA 98155
206.393.4117
Ang mga indibidwal na naniniwalang nakaranas sila ng pandidiskrimina sa alinman sa mga pang-edukasyong programa, aktibidad, serbisyo, at iba pa ng Distrito ay maaaring maghain ng reklamo sa pandidiskrimina sa address na nakalista sa itaas.

Mga Pinahintulutan at Hindi Pinahintulutang Pagliban sa Klase
{Hango sa Patakaran at Mga Pamamaraan #3122, Pinahintulutan at Hindi Pinahintulutang Pagliban} **TALA:** Sumangguni sa publikasyon ng iyong indibidwal na paaralan hinggil sa mga partikular na patakaran sa pagliban ayon sa gusali

Inaasahang pumasok araw-araw ang mga mag-aaral sa lahat ng nakatakdang klase. Magpapanatili ng talaan ng pagliban at pagkahuli sa klase ang mga kawani ng paaralan, kabilang ang tala ng pagtawag at/o talaan ng mga pahayag ng dahilan na isinumite ng magulang/tagapag-alaga, o sa ilang partikular na sitwasyon, ng mga mag-aaral, upang idokumento ang mga pinahintulutang pagliban ng mag-aaral.

Mga Pinahintulutang Pagliban sa Klase
Kinakailangan ang regular na pagpasok sa paaralan para sa pagiging bihasa sa pang-edukasyong programa na ibinibigay sa mga mag-aaral ng distrito. Kung minsan, maaaring naaangkop ang pagliban ng mga mag-aaral sa klase. Mangingibabaw ang mga sumusunod na prinsipyo sa pagbuo at pamamahala ng mga pamamaraan sa pagpasok sa paaralan sa distrito:

A. Ang mga sumusunod ay mga katanggap-tanggap na dahilan sa pagliban sa klase:
1. Pakikilahok sa aktibidad o programa sa pagtuturo na inaprubahan ng distrito o paaralan;
2. Pagkakasakit, kundisyong pangkalusugan, o appointment sa pagpapatingin sa doktor (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, medikal, pagpapayo, dental, o optometry);
3. Emergency sa pamilya, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagkamatay o pagkakasakit ng isang kapamilya;
4. Para sa layuning panrelihiyon o pangkultura, kabilang ang pagdiriwang ng holiday na partikular sa relihiyon o kultura, o paglahok sa pag-aaral na partikular sa relihiyon o kultura;
5. Pagharap sa hukuman, paglilitis, o pagtayo bilang bahagi ng hurado;
6. Para sa mas nakatataas na edukasyon, teknikal na paaralan, pagpunta sa ibang lugar para sa programa ng pagiging apprentice, o panayam para sa scholarship;
7. Mga aktibidad sa paghahanap at pagsagip na kinikilala ng estado alinsunod sa RCW 28A.225.055;
8. Pagliban sa klase na direktang nauugnay sa katayuan ng pagkawala ng tahanan ng mag-aaral;
9. Pagliban sa klase na dulot ng pagkilos sa pagdidisiplina/ pagwawasto ng pag-uugali (hal., panandalian o pangmatagalang pagkasuspinde, emergency na expulsion); at

10. Nagkasundo ang punong-guro (o itinalaga) at ang magulang, tagapag-alaga, o mag-aaral na may sariling pagpapasya tungkol sa naaprubahang aktibidad.

May awtoridad ang punong-guro (o itinalaga) ng paaralan na tukuyin kung nakakasapat sa pamantayan ng pinahintulutang pagliban sa klase ang isang pagliban. Maaaring mag-apela sa tagapamahala/itinalaga ang isang magulang/tagapag-alaga na hindi nasisiyahan sa desisyon ng punong-guro para sa karagdagang pagsasaalang-alang.

Mga Pinahintulutang Pagliban sa Klase (ipinagpatuloy)

B. Kung papahintulutan ang pagliban, papayagan ang mag-aaral na gawin ang lahat ng hindi nagawang takdang-aralin sa labas ng klase, ayon sa mga makatuwirang kundisyon at limitasyon na itatakda ng naaangkop na guro; maliban sa mga uri ng klase na nakabatay sa pakikilahok, kung saan maaaring maapektuhan ang grado ng mag-aaral dahil hindi niya magagawa ang mga aktibidad na isinagawa sa oras ng klase.

C. Ang pinahintulutang pagliban sa klase ay papatunayan ng magulang/ tagapag-alaga, o ng taong nasa hustong gulang o mag-aaral na may sariling pagpapasya o nasa angkop na edad, o ng awtoridad ng paaralan na responsable para sa pagliban. Kung itinatala sa electronic na paraan ang pagpasok sa klase, para man sa kursong isinasagawa online o para sa mga mag-aaral na pisikal na nasa distrito, ituturing na hindi pinahintulutan ang isang pagliban hanggang sa mapatunayan ito ng magulang o iba pang responsableng taong nasa hustong gulang. Kung hahayaang lumiban ang mag-aaral para sa pangangalagang pangkalusugang nauugnay sa pagpaplano ng pamilya o pagpapalaglag, maaaring iatas ng mag-aaral na panatilihing kumpidensyal ang imporamsyon. May karapatan ang mga mag-aaral na labintatlong taong gulang pataas na iatas na panatilihing kumpidensyal ang impormasyon tungkol sa droga, alak, o paggamot sa kalusugan ng pag-iisip. May ganito ring karapatan sa pagiging kumpidensyal tungkol sa HIV at mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik ang mga mag-aaral na labing-apat na taong gulang pataas.

Mga Hindi Pinahintulutang Pagliban sa Klase

A. Ang anumang pagliban sa paaralan na magtatagal nang kalakhang bahagi ng bilang ng oras sa isang karaniwang araw ng paaralan ay hindi pinapahintulutan maliban na lang kung nakakatugon ito sa isa sa mga pamantayan sa pinahintulutang pagliban sa klase sa itaas.
B. Bilang paraan ng pagkikintal ng mga pagpapahalaga ng responsibilidad at personal na pananagutan, ang isang mag-aaral na hindi pinahintulutan ang pagliban ay makakaranas ng mga resulta ng kanyang pagliban. Ang grado ng isang mag-aaral ay maaaring

maapektuhan kung ang may gradong aktibidad o takdang-aralin ay ibinigay sa oras kung kailan lumiban ang mag-aaral.

C. Aabisuhan ng paaralan ang magulang o tagapag-alaga ng mag-aaral sa pamamagitan ng liham o tawag sa telepono kapag hindi makapasok sa paaralan ang mag-aaral matapos magkaroon ng isa pang hindi pinahintulutang pagliban sa klase sa loob ng anumang isang buwan sa kasalukuyang taong pampanuruan. Kasama sa paunawa ang mga posibleng resulta ng mga karagdagang hindi pinahintulutang pagliban.
D. Magsasagawa ng pulong kasama ng magulang o tagapag-alaga ng mag-aaral pagkatapos ng dalawang hindi pinahintulutang pagliban sa loob ng anumang buwan sa kasalukuyang taong pampanuruan. Mag-iiskedyul ng pulong para matukoy kung anong hakbang sa pagwawasto ang isasagawa para matugunan ang dahilan ng pagliban ng mag-aaral sa paaralan. Kung hindi dadalo ang magulang sa pulong, aabisuhan ang magulang tungkol sa mga hakbang na napagpasyahang isagawa ng distrito upang mabawasan ang mga pagliban ng mag-aaral.

Mga Hindi Pinahintulutang Pagliban sa Klase (ipinagpatuloy)

E. Hindi lalampas sa ikalimang pagliban sa isang buwan, makikipagkasundo ang distrito sa mag-aaral at magulang, kung saan itatakda ang mga kinakailangan sa pagpasok sa paaralan, isasangguni ang mag-aaral sa lupon sa hindi pagpasok ng komunidad, o ihahain ang isang petisyon at affidavit sa hukuman para sa kabataan na nagpaparatang ng paglabag sa RCW 28A.225.010.
F. Kung hindi magiging matagumpay ang nasabing pagkilos, maghahain ang distrito ng petisyon at affidavit sa hukuman para sa kabataan na nagpaparatang ng paglabag sa RCW 28A.225.010 sa magulang, mag-aaral, o magulang at mag-aaral nang hindi lalampas sa ikapitong hindi pinahintulutang pagliban sa loob ng anumang buwan sa kasalukuyang taong pampanuruan o sa ikasampung hindi pinahintulutang pagliban sa kasalukuyang taong pampanuruan.
G. Ang lahat ng pagsuspinde at/o expulsion ay dapat iulat sa pamamagitan ng pagsulat sa tagapamahala sa loob ng 24 na oras pagkatapos ng pagpapataw nito.

Ipapatupad ng tagapamahala ang mga patakaran at pamamaraan ng distrito sa pagpasok sa paaralan. Dahil kinakailangan ang ganap na kaalaman at pakikipagtulungan ng mga mag-aaral at magulang para sa ikatatagumpay ng mga patakaran at pamamaraan, malawakang ipapamahagi at gagawing available sa mga magulang at mag-aaral ang mga pamamaraan taon-taon.

INIAATAS NG BATAS NG ESTADO ANG PAGPASOK SA PAARALAN

- Iniaatas ng batas ng Estado na pumasok sa paaralan ang mga batang may edad 8 hanggang 17.
- Ang mga batang 6 o 7 taong gulang na nakatala sa paaralan ay dapat ding pumasok sa paaralan.
- Ang mga kabataang 16 na taong gulang pataas ay maaaring hindi pumasok sa paaralan, kung natutugunan nila ang ilang partikular na iniaatas. Kung gusto mong talakayin sa iyo ang mga iniaatas na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng iyong paaralan.

Kung liliban ang iyong anak, mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng iyong paaralan.

*Ang kumpletong batas sa pagliban sa paaralan ay makikita sa pamamagitan ng paghahanap sa internet ng “RCW 28A.225” at pagpili sa unang opsyon.

MGA TUNGKULIN NG PAARALAN HINGGIL SA MGA PAGLIBAN NG MAG-AARAL

- Kung ang iyong anak ay may dalawang hindi pinahintulutang pagliban sa isang buwan, iniaatas ng batas ng estado (RCW 28A.225.020) ang pag-iiskedyul ng pulong kasama ka at ang iyong anak.
- Sa paaralang elementarya, pagkatapos ng limang pinahintulutang pagliban sa anumang buwan, o sampu o higit pang pinahintulutang pagliban sa taong pampanuruan, inaatasan ang distrito na makipag-ugnayan sa iyo upang mag-iskedyul ng pulong. Hindi kinakailangan ang pulong kung nagbigay ang iyong anak ng tala ng doktor, o maagang naipabatid na pagliban, at kung may mga plano upang hindi maiwan sa akademikong larangan ang iyong anak.
- Kung ang iyong anak ay may pitong hindi pinahintulutang pagliban sa anumang buwan o sampung hindi pinahintulutang pagliban sa taong pampanuruan, inaatasan kaming maghain ng Petisyon sa Hukuman sa mga kabataan, na nagpapaparatang ng paglabag sa RCW 28A.225.010, ang batas sa mandatoryong pagpasok sa paaralan. Maaaring kailanganin mo at ng iyong anak na dumalo sa pagdinig sa Hukuman sa Mga Kabataan.

ALAM MO BA?

- Ang pagpasok sa paaralan sa takdang oras, sa lahat ng araw, sa araw-araw ay magbibigay sa iyong anak ng pinakatiyak na tsansa ng pagtatapos sa sekundarya.
- Kung simula kindergarten ay may average na pagliban ng kahit 2 araw lang sa isang buwan, may pahintulot man o wala, mas malaki ang posibilidad na hindi makakamit ng iyong anak ang mga pang-akademikong pamantayan sa matematika at pagbasa pagdating sa ikatlong baitang.
- Pagdating ng ika-6 na baitang, ang pagliban ay isa sa tatlong palatandaan na maaaring tumigil sa pag-aaral sa sekundarya ang mag-aaral.
- Ang pagliban ay maaaring palatandaan na ang mag-aaral ay nawawalan ng interes sa paaralan, nahihirapan sa pag-aaral, nabu-bully o posibleng may pinoproblema nang matindi.
- Pagdating ng ika-9 na baitang, ang regular na pagpasok sa paaralan ay mas mainam na palatandaan ng pagtatapos sa sekundarya kumpara sa mga marka ng pagsusulit sa ika-8 baitang.

ANG MAGAGAWA MO

- Huwag pahintulutan ang iyong anak na manatili sa bahay maliban na lang kung mayroon talaga siyang sakit, gaya ng lagnat, pagsusuka, pagtatae, o nakakahawang pantal.
- Iwasan ang pagpapa-appointment at pagbiyahe kapag may pasok sa paaralan.
- Subaybayan ang pagpasok sa paaralan ng iyong anak. Ang pagliban nang mahigit sa 9 na araw, may pahintulot man o wala, ay maaaring maging dahilan ng pagkahuli ng iyong anak sa mga aralin.
- Magtakda ng regular na oras ng pagtulog at gawain sa umaga, pati na rin ang paggawa ng takdang-aralin at pag-aayos ng bag sa gabi bago pumasok.
- Magkaroon ng backup na plano na nauugnay ang mga miyembro ng pamilya, kapitbahay, o iba pang magulang para sa pagsundo sa iyong anak sa paaralan kung sakaling may mangyaring hindi inaasahan.

*Maaaring makakuha ng kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa pagpasok sa paaralan sa: www.attendanceworks.org

Kung nahihirapan kang papasukin ang iyong anak gawa ng anumang dahilan, narito kami upang suportahan ka at makipagtulungan sa iyo patungo sa mga posibleng solusyon. Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin upang magpaiskedyul ng appointment sa tanggapan ng iyong paaralan upang talakayin ang pagpasok sa paaralan ng iyong anak.

Etika at Pagiging Matapat

{Hango sa Patakaran #3302, Etika at Pagiging Matapat}
Ang mga mag-aaral na makakagawa ng paglabag sa Patakaran 3302, Etika at Pagiging Matapat, ay mapapatawan ng: (1) pagkilos at parusa sa pagwawasto ng pag-uugali alinsunod sa Patakaran 3300 ("Mga Inaasahang Pag-uugali at Makatuwirang Parusa sa Mga Mag-aaral"), Patakaran 3310 ("Pagdidisiplina at Pagkilos sa Pagwawasto ng Pag-uugali dahil sa Maling Pag-uugali ng Mag-aaral"), at mga katuwang na pamamaraan; at (2) negatibong pagsusuri ng guro sa pagsisikap at pagganap ng mag-aaral sa takdang-aralin. Maaaring iba't iba ang mga resultang nakatalaga sa isang partikular na kaso, depende sa tindi ng paglabag at dating talaan ng mag-aaral, at maaaring nauugnay ito sa pagdidisiplina o panandaliang pagsuspinde. Ang sinumang mag-aaral na nandaya ay makakatanggap ng progresibong disiplina na naaangkop sa edad at pag-uugali ng mag-aaral.

Papatawan ng pagdidisiplina ang mga mag-aaral sa sekundarya sa sumusunod na paraan:

Unang Paglabag: Ipapakausap ang mag-aaral sa punong-guro/itinalaga, magiging zero ang grado ng mag-aaral sa takdang-aralin (o iba pang pang-akademikong aktibidad). Aabisuhan ng tagapangasiwa ang mga magulang.

Pangalawang Pagsuspinde: Papatawan ang mag-aaral ng panandaliang pagsuspinde mula sa klase na hindi lalampas sa sampung (10) araw ng paaralan. (Tandaan: Maaari itong maging pareho o ibang klase mula sa unang paglabag.) Gagamit ang mga tagapangasiwa ng nakatakdang proseso ng pagsuspinde nang may paunawa sa nararapat na proseso.

Ikatlong Paglabag: Papatawan ang mag-aaral ng panandaliang pagsuspinde sa lahat ng klase na hindi lalampas sa sampung (10) araw ng paaralan. Makikipag-ugnayan sa mga magulang at magbibigay ng mga karapatan sa nararapat na proseso.

May karapatan ang mga mag-aaral sa lahat ng antas na maturuan nang naaayon sa edad, upang magawa ang kanilang orihinal na gawa, at kada taon, dapat magbigay ang mga kawani ng paunang paunawa sa mga mag-aaral tungkol sa uri at tindi ng mga pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali na, bilang isang pangkalahatang panuntunan, ay ipapatupad bilang resulta sa mga paglabag sa Patakaran 3302. Kapag ang mga mag-aaral sa elementarya ay naturuan na ng kahalagahan ng orihinal na trabaho, pagsasadokumento ng mga source, atbp., sila ay maaaring mapatawan ng progresibong pagdidisiplina, hanggang sa at kabilang ang mga panuntunan sa sekundarya. Pinapahintulutan ang mga tagapangasiwa na magbigay ng mga pagbubukod, na nauugnay sa mga sitwasyong nagpapababa o nag-aalis ng parusa.

Sa mga kaso kung saan ang guro ay makatuwirang nagdududa na ang isa o higit pang mag-aaral ay lumabag sa patakaran sa Etika at Pagiging Matapat, maaaring magpasya ang mga guro na muling pakuhain ng pagsusulit ang (mga) mag-aaral, sa ibang kundisyon o nang may dagdag na trabaho. Dapat makiisa ang mga mag-aaral sa mga makatuwirang kahilingan ng mga guro at tagapangasiwa na nag-iimbestiga ng mga paglabag sa patakaran ng distrito, kabilang ang kahilingan ng pagbibigay ng patunay na nauugnay sa hindi pagiging matapat sa pag-aaral.

Paggamit ng Internet

{Hango sa patakaran #2314P, Pag-aacess at Paggamit ng Mag-aaral sa Mga Mapagkukunan ng Impormasyon at Mga Komunikasyon na Naka-network}

Katanggap-tanggap na Paggamit ng Network

Ang paggamit ng network ay para lang sa mga layuning pang-edukasyon at pampropesyonal. Kabilang sa katanggap-tanggap na paggamit ng network ang:

• Paggawa ng mga file, proyekto, video, web page at podcast gamit ang mga resource ng network para sa mga layuning pang-edukasyon at pang-administratibo.

• Paglahok sa mga blog, wiki, bulletin board, social networking site at pangkat at paggawa ng content para sa mga podcast, e-mail at webpage na sumusuporta sa edukasyon at pananaliksik;

• Sa pamamagitan ng pahintulot ng magulang, ang online na pag-publish ng orihinal na edukasyonal na materyal, mga marteryal na nauugnay sa curriculum, at gawa ng mag-aaral. Ang mga source sa labas ng silid-aralan o paaralan ay dapat banggitin sa naangkop na paraan.

• Maaari lang gamitin ng kawani ang Internet para sa personal na paggamit, kung ang nasabing paggamit ay hindi sinasadya, nangyari sa bakanteng oras, at naaayon sa lahat ng patakaran at alituntunin ng Distrito.

Hindi Katanggap-tanggap na Paggamit ng Network

Kabilang sa hindi katanggap-tanggap na paggamit ng network o pag-access ng mga user ang, ngunit hindi limitado sa:

• Anumang uri ng pagkakaroon ng personal kapakanan, komersyal na panghihingi o pagbabayad;

• Pananagutan o gastos na siningil sa distrito;

• Pag-download, pag-install at paggamit ng mga laro, audio file, video file, o iba pang application (kabilang ang shareware o freeware) nang walang pahintulot o pag-apruba mula sa kinatawan ng IT Department;

• Pagsuporta o pagtutol sa mga panukala sa balota, kandidato at anumang iba pang pulitikal na aktibidad;

• Pag-hack, pag-crack, pag-vandalize, paglalagay ng mga virus, worm, Trojan horse, time bomb, at pagbabago sa hardware, software, at tool sa pagsubaybay;

• Hindi pinapahintulutang pag-access sa ibang computer, network, at

information system ng distrito;
• Pambu-bully sa cyberspace, pagpapadala ng mapoot na mail, paninirang-puri, anumang uri ng panliligalig, nakakadiskriminang biro at banat;
• Impormasyong na-post, napadala o na-store online na maaaring makasama sa iba (hal., paggawa ng bomba, paggawa ng droga);
• Pag-access, pag-upload, pag-download, pag-store at pamamahagi ng materyal na bastos, pornographic o tahasang sekswal; at
• Pagkakabit ng hindi pinapahintulutang kagamitan sa network ng distrito. Ang anumang nasabing kagamitan ay kukumpiskahin at sisirain.
Nalalapat ang Patakaran sa Naaangkop na Paggamit na ito sa lahat ng user ng network ng Distrito at tumutukoy sa lahat ng mapagkukunan ng impormasyon, ito man ay indibidwal na ginagamit, nakabahagi, standalone, o naka-network. Ang mga paglabag ay maaaring magresulta sa pagbawi ng pribilehiyo sa pag-access, pagsuspinde ng pag-access sa mga computer ng Distrito, iba pang pagkilos sa pagdidisiplina sa paaralan, at/o naaangkop na legal na pagkilos. Ang mga partikular na hakbang sa pagdidisiplina ay tutukuyin ayon sa bawat sitwasyon.

Pag-uugali ng Mag-aaral sa Mga Bus

{Hango sa patakaran #8123P, Pag-uugali ng Mag-aaral sa Mga Bus}
Ang anumang maling pag-uugali ng mag-aaral, na sa opinyon ng driver o tagapamahala ng bus ay delikado sa ligtas na pagpapatakbo ng bus ay sapat na dahilan upang suspindihin ng punong-guro ang pribilehiyo sa transportasyon.
Mga Panuntunan ng pag-uugali para sa mga mag-aaral na sumasakay ng mga bus:
1. Dapat sumunod ang mga mag-aaral sa driver at sinumang aide sa bus na itinalaga ng distrito. Ang driver ang may pananagutan sa bus at mga pasahero at dapat siyang sundin. Kung isang paraprofessional sa bus ang itinalaga ng distrito, siya ang may responsibilidad para sa pag-uugali ng mga pasaherong nasa kanyang pangangalaga. Kapag may sakay na mga klase o team, ang guro o coach ang pangunahing responsable para sa pag-uugali ng mga mag-aaral. Dapat sundin ng mga mag-aaral ang driver, guro, coach, o iba pang miyembro ng kawani. Ang driver ng bus ang may pinal na awtoridad at responsibilidad.
2. Ang lahat ng mag-aaral ay dapat lang sumakay sa mga nakatalagang bus sa kanila maliban kung may natanggap na nakasulat na pahintulot ang mga opisyal ng paaralan na sa iba sila sasakay.
3. Ang lahat ng mag-aaral ay hindi pinapahintulutang bumaba sa bus bukod sa kanilang regular na stop, maliban kung may natanggap na nakasulat na pahintulot ang mga opisyal ng paaralan na sa iba sila bababa.
4. Dapat lang gamitin ng mga mag-aaral ang mga upuan na itinalaga sa kanila maliban kung may pahintulot mula sa driver na lumipat ng upuan.
5. Dapat sundin ng mga mag-aaral ang mga panuntunan ng pag-uugali sa silid-aralan habang nakasakay sa mga bus. Hindi maaaring mag-ingay dito upang maiwasan ang pagkaabala sa pagmamaneho ng driver. Hindi dapat

gumamit ang mga mag-aaral ng bastos o nakakapanliit na wika o galaw.
6. Hindi dapat manigarilyo o magsindi ng lighter, posporo, o iba pang pyrotechnic ang mga mag-aaral sa mga bus.
7. Hindi dapat kumain ang mga mag-aaral sa mga bus, maliban kung partikular na pinahintulutan at ginagabayan ng kasamang guro, coach, o iba pang miyembro ng kawani. Dapat panatilihing malinis ang mga bus.
8. Hindi dapat buksan ng mga mag-aaral ang mga bintana ng bus nang walang pahintulot ng driver.
9. Hindi dapat ilabas ng mga mag-aaral ang alinmang bahagi ng kanilang katawan sa bintana ng bus anumang oras.
10. Hindi dapat magdala ang mga mag-aaral ng mga bagay na maaaring makasakit sa mga pasahero sa bus. Kabilang sa mga nasabing item ang, ngunit hindi limitado sa, mga patpat; salamin o iba pang nababasag na lalagyan; sandata o baril, mga strap o pin na nakatusok sa damit; malaki, mahirap bitbiting bagay na hindi mahahawakan o hindi maipapatong sa binti, atpb. Ang mga aklat o personal na kagamitan ay hindi dapat ilagay sa mga daanan.
11. Hindi dapat magdala ng hayop ang mga mag-aaral sa mga bus, maliban sa mga gabay na aso.
12. Hindi dapat umupo ang mga mag-aaral sa upuan ng driver o sa mismong kanan o kaliwa ng driver.
13. Hindi dapat makipag-usap ang mga mag-aaral sa driver maliban kung kinakailangan.
14. Dapat ay dumiretso ang mga mag-aaral sa upuan pagkapasok sa bus at manatiling nakaupo sa lahat ng oras, maliban kung iba ang sasabihin ng driver.
15. Dapat sumakay/bumaba ang mga mag-aaral nang may kaayusan at dapat nilang sundin ang mga tagubilin ng naka-duty na driver o patrol sa pangkaligtasan ng paaralan. Hindi dapat magtulakan at magbanggaan sa pagsakay at pagbaba ng bus. Kapag bumaba sa bus, dapat sumunod ang mga mag-aaral sa mga panuntunan para sa mga pedestrian.
16. Hindi dapat tumawid sa kalsada ang mga mag-aaral mula sa likod ng bus maliban kung sa pamamagitan ng pedestrian lane o stop light.
17. Hindi dapat tumayo ang mga mag-aaral sa kurbada ng kalsada kapag may papalapit o papaalis na bus sa stop.
18. Ang mga mag-aaral na papunta at galing sa mga bus stop na walang bangketa ay dapat lumakad sa kaliwang bahagi ng kalsada kung saan kasalubong nila ang daloy ng trapiko. Dapat ay diretsong umuwi ang mga mag-aaral pagkababa ng bus.
19. Kung mayroon, dapat gumamit ang mga mag-aaral ng mga seat belt sa bus.
20. Dapat sundin ng mga mag-aaral ang mga pamamaraan sa drill sa paglabas sa oras ng emergency, ayon sa sasabihin ng driver.
21. Hindi dapat sirain ng mga mag-aaral ang mga pintuan at kagamitan sa emergency.

22. Sisingilin ayon sa halaga ng pinsala ang mga magulang ng mag-aaral na malalamang nagdulot ng pagkasira sa mga bus. Ang mga mag-aaral na malalamang naninira ay maaaring masuspinde sa transportasyon at posibleng sa paaralan din.
23. Ang maling pag-uugali ng mag-aaral ay magdudulot ng makatuwirang pagsuspinde ng mga pribilehiyo sa transportasyon.
Kapag naghihintay ng bus o kapag papunta o galing sa isang bus stop, responsibilidad ng mga mag-aaral ang pagkilos nang wasto ayon sa mga panlipunan at legal na panuntunang nalalapat sa mga nasa hustong gulang kapag nasa pampublikong lugar. Ang ibig sabihin, hindi nila dapat abusuhin o hindi sila dapat magdulot ng pinsala sa pribado o pampublikong pag-aari; hindi sila dapat gumamit ng bastos na wika at galaw; hindi sila dapat masangkot sa kriminal na aktibidad. Ang hindi pagsunod sa mga panuntunang ito ay magreresulta sa mga pormal na reklamong mula sa mga mamamayan na ipapasa naman sa mga punong-guro para sa posibleng pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali.
Ang pagkilos sa pagwawasto ng pag-uugali, kung kinakailangan, ay dapat pare-pareho sa buong distrito at ito ay ang mga sumusunod:
1. Babala: Kapag hindi matindi ang maling pag-uugali ng mag-aaral, at hindi nito nailalagay sa alanganin ang kaligtasan o kaayusan ng ibang mag-aaral o ang pagpapatakbo ng bus.
2. Pagsuspinde: Kapag maituturing na ang maling pag-uugali ng mag-aaral ay naglalagay sa alanganin ng kaligtasan ng mga pasahero at/o pagpapatakbo ng bus, kapag hindi nagbabago ang hindi maayos na pag-uugali sa kabila ng paulit-ulit na pag-abiso, o kapag sinira ng mag-aaral ang bus.
3. Expulsion: Kapag ang maling pag-uugali ng mag-aaral ay sinasadya o matinding nagbanta sa kaligtasan ng pagpapatakbo ng bus at/o ng mga nakasakay dito (hal., pag-atake ng mag-aaral sa driver).
Ang pagsuspinde ay maaaring iapela ng magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na pahayag sa tagapamahala.

Pisikal ng Pagpigil, Paglalayo sa Iba, at Iba Pang Paggamit ng Makatuwirang Puwersa
{Hango sa Patakaran #3317, Paggamit ng Pisikal na Pagpigil at Paglalayo sa Iba}

Ang distrito ay dapat magpanatili ng ligtas na kapaligiran sa pag-aaral habang itinatrato ang lahat ng mag-aaral nang may dignidad at respeto. Ang lahat ng mag-aaral sa distrito, kabilang ang mga may indibidwal na programang pang-edukasyon (individualized education program, IEP) o planong nabuo alinsunod sa seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon (Rehabilitation Act) ng 1973, ay hindi makakaranas ng hindi makatuwirang pisikal na pagpigil, kagamitan sa pagpigil, paglalayo sa iba, at iba pang paggamit ng pisikal na puwersa. Anuman ang sitwasyon, ang mga pamamaraang ito ay hindi kailanman gagamitin bilang paraan ng pagdidisiplina o parusa.

Maaaring gamitin ang pisikal na pagpigil at paglalayo sa iba sa sinumang mag-aaral kapag makatuwirang kinakailangan upang kontrolin ang patuloy na pag-uugali na maaaring pagmulan ng “nakaambang posibilidad ng matinding pinsala” ayon sa nakasaad sa RCW 70.96B.010 at Kabanata 392-172A WAC at ayon sa ipinapaliwanag sa pamamaraang nabanggit sa patakarang ito. Kabilang sa matinding pinsala ang pisikal na pinsala sa sarili, sa iba, o sa pag-aari ng distrito. Masusing susubaybayan ng kawani ang mga nasabing pagkilos upang maiwasan ang pinsala sa mag-aaral at gagamit ng pinakamahinang pisikal na pagpigil o paglalayo sa iba na naaangkop upang maprotektahan ang kaligtasan ng mga mag-aaral at kawani. Ihihinto ang pisikal na pagpigil at paglalayo sa iba kapag natapos na ang posibilidad ng matinding panganib.

Ipinagbabawal ang pisikal na pagpaparusa sa mga mag-aaral. Ang pisikal na pagpaparusa ay tumutukoy sa anumang pagkilos na sadyang pananakit o sadyang nagdudulot ng pisikal na pananakit, kabilang ang paghataw o paghampas sa mag-aaral. Hindi kasama sa pisikal na pagpaparusa ang:

1. Paggamit ng makatuwirang pisikal na puwersa gaya ng inilalarawan sa itaas;
2. Pisikal na sakit o kawalan ng ginhawa na resulta o dulot ng pagsasanay para sa o pagsali sa kumpetisyon sa palakasan o panlibangang aktibidad na boluntaryong nilahukan ng mag-aaral;
3. Pisikal na aktibidad na isinagawa ng lahat ng mag-aaral sa isang aktibidad sa klase na pinangasiwaan ng guro, kung saan maaaring kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga ehersisyo sa pisikal na edukasyon, field trip, o proyekto sa bokasyonal na edukasyon

Gagawa ang tagapamahala o itinalaga ng mga pamamaraan sa pagpapatupad ng patakarang ito. Bukod pa rito, taon-taong iuulat ng tagapamahala o itinalaga sa lupon ang tungkol sa mga insidente na nauugnay sa paggamit ng puwersa o paglalayo sa iba at pisikal na pagpigil.

Pisikal ng Pagpigil, Paglalayo sa Iba, at Iba Pang Paggamit ng Makatuwirang Puwersa{Pamamaraan 3317P}

I. Pisikal ng Pagpigil, Paglalayo sa Iba, at Iba Pang Paggamit ng Makatuwirang Puwersa
Ang pamamaraang ito ay nilalayong ilapat sa maraming iba’t ibang sitwasyon kung kailan maitituring na makatuwirang kinakailangan ng kawani ng distrito na kontrolin ang patuloy na pag-uugali ng mag-aaral na maaaring pagmulan ng nakaambang posibilidad ng matinding pinsala. Ang pamamaraang ito ay nilalayong unawain bilang naaayon sa mga iniaatas ng RCW 28A.600.485, RCW 9A.16.020, RCW 9A.16.100, RCW 28A.155.210, WAC 392-400-235, at, para sa mga mag-aaral na may IEP, at naaayon sa mga regulasyon ng Kabanata 392-172A WAC.

Mga Kahulugan:

- De-escalation: Ang paggamit ng positibong interbensyon sa pag-uugali at iba pang estratehiyang inaprubahan ng distrito upang pakalmahin ang isang mag-aaral na walang kontrol sa sarili, hindi sumusunod, o nagpapakita ng hindi katanggap-tanggap na pag-uugali. Ang mga estratehiyang ito ay tumutugon sa pag-uugali na mapanganib, nakakaabala, o nakakapigil sa iba pang paraan sa pag-aaral ng isang mag-aaral o iba pa.

- Nakaamba: Ang estado o kundisyon na posibleng mangyari anumang sandali o nang malapit, sa halip na sa malayo.

- Paglalayo sa Iba: Pag-iwan sa isang mag-aaral sa isang silid o anumang iba pang uri ng saradong lugar, kung saan hindi maaaring umalis ang isang mag-aaral. Hindi kasama rito ang boluntaryong paggamit ng mag-aaral ng isang tahimik na lugar para sa pagpapakalma sa sarili, o pansamantalang pag-aalis ng isang mag-aaral mula sa kanyang regular na lugar ng pag-aaral papunta sa isang hindi nakakandadong lugar para sa mga layunin ng pagsasagawa ng isang naaangkop na positibong plano sa interbensyon ng pag-uugali.

- Posibilidad ng matinding panganib: Malaking panganib na maaaring manakit ang isang mag-aaral:
  - **o** sa kanyang sarili, patunay rito ang mga banta o pagsubok na magpatiwakal o pisikal na saktan ang sarili;
  - **o** sa iba, patunay rito ang pag-uugali na nagdulot ng nasabing pinsala o pagkakaroon ng ibang tao o mga tao ng makatuwirang takot na masaktan sa ganoong paraan;
  - **o** sa pag-aari ng iba, patunay rito ang pag-uugali na nagdulot ng pagkawala o pagkasira ng pag-aari ng iba; o
  - **o** pagkatapos pagbantaan ng mag-aaral ang pisikal na kaligtasan ng iba at kung dati na siyang nakagawa ng mga marahas na pagkilos.

- Positibong interbensyon sa pag-uugali: Mga estratehiya at pagtuturo na maaaring ipatupad sa isang sistematikong paraan upang magbigay ng mga alternatibo sa mga mahirap kontroling pag-uugali, maipatupad ang mga gustong pag-uugali, at mabawasan o mawala ang dalas at tindi ng mga mahirap kontroling pag-uugali. Kabilang sa positibong interbensyon sa pag-uugali ang pagsasaalang-alang ng mga salik sa kapaligiran na maaaring magdulot ng mga mahirap kontroling pag-uugali at pagtuturo sa mag-aaral ng mga kasanayan upang makontrol ang sarili niyang pag-uugali.

- Pisikal na Pagpigil: Pisikal na interbensyon o puwersang ginagamit upang makontrol ang mag-aaral, kabilang dito ang paggamit ng mga kagamitan sa pisikal na pagpigil. Hindi kabilang dito ang naaangkop na paggamit ng

itinagubiling medikal, orthopedic o therapeutic na kagamitan kapag ginamit ayon sa layunin, gaya ng upang magkaroon ng wastong postura, balanse, o ayos ng katawan, o upang magbigay-daan sa ligtas na paglahok ng mag-aaral sa mga aktibidad.

Mga Protokol sa Pagtugon sa Emergency
Ang magulang at ang Distrito ay maaaring bumuo ng mga protokol sa emergency na gagamitin kung sakaling magkaroon ng mga emergency na maaaring pagmulan ng "posibilidad ng matinding panganib" gaya ng binigyang-kahulugan sa itaas. Kung magkakaroon ng mga protokol sa pagtugon sa emergency, ito ay 1) dapat maisama sa IEP ng mag-aaral; 2) hindi dapat gamitin bilang pamalit para sa plano sa interbensyon sa pag-uugali na idinisenyo upang baguhin, palitan, ayusin, o tanggalin ang isang naka-target na pag-uugali; at 3) dapat mapailalim sa mga sumusunod na kundisyon at limitasyon:

a) Ang magulang o tagapag-alaga ng mag-aaral ay paunang magbibigay ng nakasulat na kasunduan tungkol sa mga gagamiting protokol sa pagtugon sa emergency:

b) Tutukuyin sa protokol sa pagtugon sa emergency ang:

(i) Mga kundisyon sa emergency kung saan gagamitin ang paglalayo sa iba, pisikal na pagpigil, o kagamitan sa pisikal na pagpigil, kung mayroon man;

(ii) Ang uri ng gagamiting paglalayo sa iba, pisikal na pagpigil, at/o kagamitan sa pisikal na pagpigil, kung mayroon man;

(iii) Ang kawani o posisyon sa kontrata na pinapahintulutang gumamit ng paglalayo sa iba, pisikal na pagpigil, at/o kagamitan sa pisikal na pagpigil sa mag-aaral at anumang iniaatas na pagsasanay sa kawani o posisyon sa kontrata na gagamit ng paglalayo sa iba, pisikal na pagpigil, at/o (mga) kagamitan sa pisikal na pagpigil;

(iv) Anumang iba pang pangkaligtasang hakbang na dapat gawin.

c) Dapat ihinto ang anumang paggamit ng paglalayo sa iba, pisikal na pagpigil, at/o (mga) kagamitan sa pisikal na pagpigil kapag humupa na ang posibilidad ng matinding panganib.

d) Ang sinumang kawani na gumagamit ng paglalayo sa iba, pisikal na pagpigil, at/o kagamitan sa pisikal na pagpigil ay dapat sumailalim sa pagsasanay at magkaroon ng sertipikasyon sa paggamit ng paglalayo sa iba, pisikal na pagpigil, at/o kagamitan sa pisikal na pagpigil.

Paunawa pagkatapos ng insidente at pagsusuri kasama ng magulang/ tagapag-alaga:
Sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras pagkatapos ng paggamit sa mag-aaral ng pisikal na pagpigil o paglalayo sa iba, dapat magsagawa ang punong-guro o itinalaga ng makatuwirang pagsisikap upang makausap ang magulang o tagapag-alaga ng mag-aaral tungkol sa insidente. Ang punong-guro o itinalaga ay dapat ding magpadala ng nakasulat na paunawa sa lalong madaling panahong magagawa ito, ngunit naselyuhan sa loob ng hindi lalampas sa limang (5) araw ng negosyo pagkatapos gumamit sa mag-aaral ng pisikal na pagpigil o paglalayo sa iba. Kung karaniwang nagbibigay ang paaralan o distrito sa magulang o tagapag-alaga ng impormasyong nauugnay sa paaralan sa wika o paraan ng komunikasyon maliban sa wikang Ingles, ang nakasulat na ulat ay dapat ibigay sa magulang o tagapag-alaga sa wika o paraan ng komunikasyon na iyon.

Isasagawa ng punong-guro o itinalaga ang mga sumusunod:
- pagsusuri ng insidente kasama ang mag-aaral at magulang o tagapag-alaga (bagama't hindi kailangang magkasabay) upang matugunan ang pag-uugali na nagdulot ng paggamit ng paraang iyon at ang kawastuhan ng pagtugon.
- pagsusuri ng insidente kasama ang (mga) tauhan ng kawani na nagsagawa ng pisikal na pagpigil o paglalayo sa iba, upang tukuyin kung naisagawa ang mga wastong pamamaraan at kung anong pagsasanay at suporta sa kawani ang kinakailangan upang matulungan ang mag-aaral na maiwasan ang mga katulad na insidente.

Ulat tungkol sa insidente:
Ang sinumang empleyado ng paaralan, opisyal sa resource ng paaralan o opisyal sa seguridad ng paaralan na gumamit ng pisikal na pagpigil o paglalayo sa iba, gaya ng tinukoy sa pamamaraang ito, sa sinumang mag-aaral sa oras ng pagtuturo o aktibidad ng paaralan, ay mag-uulat sa punong-guro o itinalaga sa lalong madaling panahon at magsusumite sa loob ng dalawang (2) araw ng negosyo ng ulat sa insidente sa tanggapan ng distrito. Sa pinakakaraniwan, nakasaad dapat sa nakasulat na ulat ang:

- Petsa at oras ng insidente;
- Pangalan at katungkulan ng miyembro ng kawani na nagsagawa ng pisikal na pagpigil o paglalayo sa iba;
- Paglalarawan ng gawaing humantong sa pisikal na pagpigil o paglalayo sa iba;
- Uri ng ginamit na pisikal na pagpigil o paglalayo sa iba, at ang tagal nito;
- Kung nasaktan ang mag-aaral o kawani sa insidenteng nauugnay sa pisikal na pagpigil o paglalayo sa iba;
- Anumang medikal na pangangalanga ibinigay sa mag-aaral o kawani; at
- Anumang rekomendasyon para sa pagbabago ng uri o tindi ng mga resource na magagamit sa mag-aaral at mga miyembro ng kawani upang maiwasan ang mga katulad ng insidente.

Pagbibigay sa mga magulang/tagapag-alaga ng patakaran sa Pisikal na Pagpigil, Paglalayo sa Iba, at Iba Pang Paggamit ng Makatuwirang Puwersa:
Gagawing available ng distrito sa mga magulang/tagapag-alaga ng mga mag-aaral ang patakaran ng distrito sa Pisikal na Pagpigil, Paglalayo sa Iba, at Iba Pang Paggamit ng Makatuwirang Puwersa. Kung ang mag-aaral ay may IEP o 504 na plano, magbibigay ang Distrito sa mga magulang/tagapag-alaga ng kopya ng patakaran sa tuwing may nabubuong pauna o taunang IEP o 504 na plano.

Mga iniaatas na pagsasanay ng mga kawani:
Kasama sa lahat ng pagsasanay ang pagtuturo sa positibong pamamahala ng pag-uugali ng mag-aaral, pagiging sensitibo sa kultura, epektibong komunikasyon para sa pagpapakalma at pag-de-escalate ng nakakaabala o mapanganib na pag-uugali at naaangkop na paggamit ng puwersa, paglalayo sa iba, at pisikal na pagpigil. Taun-taon, bibigyan ng mga tagapangasiwa ang lahat ng kawani ng patakaran at pamamaraang itinalaga ng distrito hinggil sa paggamit ng makatuwirang puwersa.

Dapat ipaalam sa lahat ng kawani ang tungkol sa mga estratehiya sa pag-de-escalate at wastong pamamaraan sa pisikal na interbensyon. Sasanayin sa paggamit ng interbasyong gumagamit ng pisikal na puwersa ang mga naaangkop na kawani at ang mga taong inatasan o makatuwirang inaasahang magsagawa ng interbasyong gumagamit ng pisikal na puwersa.

MGA PATAKARAN AT PAMAMARAAN NA GINAMIT NA SANGGUNIAN

#2314 - Pag-aacess at Paggamit ng Mag-aaral sa Mga Mapagkukunan ng Impormasyon at Mga Komunikasyon na Naka-network
#3209 - Mga Mag-aaral: Sekswal na Panliligalig
#3210 - Paglaban sa Pandidiskrimina
#3122 - Mga Pinahintulutan at Hindi Pinahintulutang Pagliban sa Klase
#3300 - Pag-uugali ng Mag-aaral at Mga Pagkilos sa Pagwawasto ng Pag-uugali dahil sa Maling Pag-uugali
#3302 - Etika at Pagiging Matapat
#3308 - Pagbabawal sa Panliligalig, Pananakot, at Pambu-bully/Pambu-bully sa Cyberspace
#3310 - Disiplina at Pagkilos sa Pagwawasto ng Pag-uugali dahil sa Maling Pag-uugali
#3600 - Mga Talaan ng Mag-aaral
#3610 - Kustodiya sa Bata
#8123 - Pag-uugali ng Mag-aaral sa Mga Bus

Tingnan din ang: Patakaran #2151,Palakasan Laban sa Ibang Paaralan {Kontrata ng Mag-aaral sa Palakasan}

MGA PAUNAWA

Mga Gun Free Zone

Ang bawat paaralan ay itinalaga bilang “Gun Free Zone” ayon sa RCW 9.41.28, na nagbabawal sa pagdadala ng mga baril at anumang iba pang mapanganib na sandata, ayon sa tinutukoy sa RCW 9.41.250 habang nasa campus ng paaralan o sa loob ng isang gusaling pampaaralan. Ang mga paglabag ay dahilan para sa expulsion at maaaring iulat sa mga tagapagpatupad ng batas. Ang pagdadala ng mga baril sa nasasakupan ng paaralan ay magreresulta sa mandatoryong isang taon na expulsion, na maaaring iapela, nang may paunawa sa mga magulang at ahensyang tagapagpatupad ng batas. {RCW 28A.600.420)

Mga Paghahanap gamit ang Aso

Ayon sa pinapahintulutan o pinaghihigpitan ng batas, ang mga sinanay na aso ay maaaring gamitin upang maghanap ng droga o iba pang kontrabando sa mga mag-aaral, sa kanilang mga pag-aari, o sa loob ng nasasakupan ng distrito, kabilang ang mga locker.

Childfind para sa Mga Mag-aaral sa Preschool

Para sa mga residente ng Mga Pampublikong Paaralan sa Shoreline

Nag-aalala ka ba tungkol sa pag-unlad ng iyong anak pagdating sa pagsasalita at wika, paningin at pandinig, mga motor skill, mga kasanayan sa pagkatuto, o social-emotional?

Iniiskedyul ang mga childfind screening nang isang beses sa isang buwan sa Edwin Pratt Early Learning Center, 1900 N 170th St., Shoreline. Ang mga screening ng Childfind ay isinasagawa ng mga espesyalista ng paaralan (Mga Speech and Language Pathologist, Occupational and Physical Therapist, at Psychologist.)

Tumawag sa Early Childhood Education sa 206.393.4358 para sa higit pang impormasyon.

Karapatan Mong Malaman

May karapatan kang humingi ng impormasyon hinggil sa mga propesyonal na kwalipikasyon ng (mga) guro sa silid-aralan ng iyong anak. Kung hihingin mo ang impormasyong ito, ibibigay sa iyo ng Distrito o ng paaralan ang sumusunod sa lalong madaling panahon:

A: Kung natutugunan ng guro ang mga kinakailangan sa pagbibigay ng lisensya ng estado para sa antas ng baitang at mga asignatura kung saan nagtuturo ang guro;

B: Kung ang guro ay nagtuturo sa ilalim ng emergency na status kung saan iniurong ang mga kinakailangan sa pagbibigay ng lisensya ng estado;

C: Ang uri ng tinapos na kurso ng guro at ang larangan ng disiplina para sa anumang graduate degree o sertipikasyon;

D: Kung ang iyong anak ay nakakatanggap ng mga serbisyo mula sa Titulo I mula sa mga paraprofessional at, kung oo, ang kanyang mga kwalipikasyon. Kung gusto mong makuha ang impormasyong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong anak.

Iyong Mga Karapatan sa FERPA

Binibigyan ng Batas sa Mga Karapatan at Pagkapribado ng Pamilya sa Edukasyon (Family Educational Rights and Privacy Act, FERPA) ang mga magulang at mag-aaral na lampas 18 taong gulang ("mga kwalipikadong mag-aaral") ng ilang partikular na karapatan hinggil sa mga pang-edukasyong talaan ng mag-aaral. Kabilang sa mga karapatang ito ang:

1. Karapatan na inspeksyunin at suriin ang mga pang-edukasyong talaan ng mag-aaral sa loob ng 45 araw mula sa pagtanggap ng paaralan ng kahilingan sa pag-access. Dapat magsumite ang mga magulang at kwalipikadong mag-aaral sa punong-guro ng paaralan ng nakasulat na kahilingan na tumutukoy sa (mga) talaang gusto nilang inspeksyunin. Magsasagawa ang opisyal ng paaralan ng mga pagsasaayos para sa pag-access at aabisuhan ang magulang o kwalipikadong mag-aaral sa oras at lugar kung saan maaaring inspeksyunin ang mga talaan.
2. Karapatang humiling ng pagbabago sa mga pang-edukasyong talaan ng mag-aaral na pinaniniwalaan ng magulang o kwalipikadong mag-aaral na hindi tumpak o nakakapanlinlang. Maaaring hilingin ng mga magulang o mag-aaral sa paaralan na baguhin ang isang talaan na pinaniniwalaan nilang hindi tumpak o nakakapanloko. Dapat silang sumulat sa punong-guro ng paaralan, at malinaw na tukuyin ang bahagi ng talaan na gusto nilang ipabago, at tukuyin kung bakit ito hindi tumpak o nakakapanlinlang. Kung magpapasya ang paaralan na hindi baguhin ang talaan gaya na hiniling ng magulang o kwalipikadong mag-aaral, aabisuhan ng paaralan ang magulang o kwalipikadong mag-aaral tungkol sa pasya at papayuhan sila tungkol sa kanilang karapatan para sa isang pagdinig hinggil sa kahilingan para sa pagbabago. Ibibigay sa magulang o kwalipikadong mag-aaral ang karagdagang impormasyon hinggil sa mga pamamaraan kapag inabisuhan sila tungkol sa karapatan para sa pagdinig.
3. Karapatang tumutol sa mga pagbubunyag ng mga personal na nakakapagpakilalang impormasyon na nilalaman ng mga pang-edukasyong talaan ng mag-aaral, maliban sa limitasyong pinapahintulutan ng FERPA ang pagbubunyag nang walang pahintulot. Isang pagbubukod, na nagpapahintulot sa pagbubunyag nang walang pahintulot, ay ang pagbubunyag sa mga opisyal ng paaralan na may lehitimong interes sa edukasyon. Ang isang opisyal ng paaralan ay isang taong nagtatrabaho bilang tagapangasiwa, tagapamahala, guro, o miyembro ng pansuportang kawani (kabilang ang pangkalusugan at medikal na kawani at unit personnel na nagpapatupad ng batas); isang taong naglilingkod sa lupon ng paaralan; tao o kumpanya kung saan nakakontrata ang paaralan upang magsagawa ng espesyal na gawain (gaya ng abogado, auditor, medikal na tagapayo, o therapist); o magulang o mag-aaral na naglilingkod sa isang opisyal na komite, gaya ng komite sa pagdidisiplina o karaingan, o tumutulong sa ibang opisyal ng pamahalaan sa pagsasagawa ng kanyang mga gawain. Ang isang opisyal ng paaralan ay may lehitimong interes sa edukasyon kung kailangang suriin ng opisyal ang isang pang-edukasyong talaan upang maisagawa ang kanyang

propesyonal na responsibilidad. Kapag hiniling, maaaring ibunyag ng paaralan ang mga pang-edukasyong talaan nang walang pahintulot sa mga opisyal ng ibang distrito ng paaralan na hinihiling ng mag-aaral o kung saan layunin ng mag-aaral na magpatala.
4. Karapatang maghain ng karaingan sa Departamento ng Edukasyon ng U.S. (U.S. Department of Education) hinggil sa mga ipinaparatang na pagkabigo ng paaralan na sumunod sa mga iniaatas ng FERPA. Ang pangalan at address ng Tanggapan na nangangasiwa sa FERPA ay:
Family Policy Compliance Office
U.S. Department of Education
400 Maryland Avenue SW
Washington D.C. 20202-5901

Kung gusto mong hindi ibunyag ng distrito ang impormasyon sa direktoryo tungkol sa iyong mag-aaral, maaari kang magsagot ng form sa pag-opt out sa paaralan ng iyong anak o sa tanggapan ng distrito sa 18560 1st Ave. NE, Shoreline, WA 98155.

Paunawa sa Pag-opt Out sa FERPA
Kaakibat ang ilang pagbubukod, inaatasan ng Batas sa Mga Karapatan at Pagkapribado ng Pamilya sa Edukasyon (Family Educational Rights and Privacy Act, FERPA) ang Mga Pampublikong Paaralan sa Shoreline na kunin ang iyong nakasulat na pahintulot bago ang pagbubunyag ng impormasyon mula sa mga pang-edukasyong talaan ng iyong anak. Gayunpaman, maaaring magbunyag ang Mga Pampublikong Paaralan sa Shoreline ng naaangkop na itinalagang “impormasyon sa direktoryo” nang walang pahintulot, maliban kung hihiling at maghahain ka ng Form sa Pag-opt Out sa FERPA sa paaralan ng iyong anak. Makakakuha ng form sa bawat tanggapan ng paaralan.

Tumutukoy ang impormasyon sa direktoryo sa mga sumusunod na impormasyon tungkol sa mag-aaral: pangalan, larawan, video na larawan, address, numero ng telepono, email address, petsa at lugar ng kapanganakan, mga petsa ng pagpasok sa paaralan, paglahok sa mga opisyal na kinikilalang aktibidad at sports, taas at timbang ng mga miyembro ng mga athletic team, mga diploma at award na nagtanggap at ang pinakakamakailang pinasukang paaralan.

Makikita sa ibaba ang isang listahan ng mga kategorya kung saan maaari mong paghigpitan ang pagbubunyag ng impormasyon para sa iyo sa pamamagitan ng Form sa Pag-opt Out sa FERPA, na makukuha sa tanggapan ng bawat paaralan:

Impormasyon sa Direktoryo para sa Mga Publikasyon, Larawan, at News Media ng Paaralan
Ipinagmamalaki ng Mga Pampublikong Paaralan sa Shoreline ang mga mag-aaral, kawani at maraming matagumpay na programa nito. Pana-panahong maaaring makilala, makuhaan ng larawan at/o makuha sa videotape ang mga mag-aaral para sa mga yearbook ng paaralan, pahayagan ng paaralan, video, webpage, social media, o ng lokal na news media. Maaari kang mag-opt sa pagpapalabas ng impormasyong ito para sa layuning ito, sa pamamagitan ng paghingi at paghahain ng Form sa Pag-opt Out sa FERPA sa paaralan ng iyong anak.

Impormasyon sa Direktoryo para sa Mga PTA/PTSA na Organisasyon ng Paaralan
Kung minsan, ang Samahan ng Mga Magulang at Guro ng Paaralan (School Parent Teacher Student Association) ay humihingi ng impormasyon sa impormasyon sa direktoryo ng mag-aaral para sa mga direktoryo ng PTSA at pagpapadala ng liham hinggil sa membership, mga pulong, kaganapan, at aktibidad. Maaari kang mag-opt sa pagpapalabas ng impormasyong ito para sa layuning ito, sa pamamagitan ng paghingi at paghahain ng Form sa Pag-opt Out sa FERPA sa paaralan ng iyong anak.

Impormasyon sa Direktoryo para sa Mga Edukasyonal na Institusyon at Organisasyon
Kung minsan, ang mga kolehiyo, trade/technical na paaralan, programa sa scholarship at iba pang edukasyonal na organisasyon ay humihingi ng impormasyon sa direktoryo upang makapagpadala ng impormasyon tungkol sa kanilang mga programa, oportunidad, at serbisyo. Maaari kang mag-opt sa pagpapalabas ng impormasyong ito para sa layuning ito, sa pamamagitan ng paghingi at paghahain ng Form sa Pag-opt Out sa FERPA sa paaralan ng iyong anak.

Impormasyon sa Direktoryo para sa Militar ng U.S. (Para Lang sa Sekundarya)
Inaatasan ng pederal na batas ang mga sekundarya na maglabas ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa tahanan ng lahat ng mag-aaral sa sekundarya sa mga military recruiter, maliban kung tatanggihan ng mga magulang/tagapag-alaga ang paglalabas ng impormasyong ito. Maaari kang mag-opt sa pagpapalabas ng impormasyong ito para sa layuning ito, sa pamamagitan ng paghingi at paghahain ng Form sa Pag-opt Out sa FERPA sa paaralan ng iyong anak.

Impormasyon sa Direktoryo para sa Mga Nakakontratang Vendor na Sumusuporta sa Mga Aktibidad ng Senior ng Mag-aaral (Para Lang sa Sekundarya)
Maaaring ibahagi ang impormasyon sa direktoryo sa mga vendor na kinontrata ng mga sekundarya upang masuportahan ang mga aktibidad para sa mga senior na mag-aaral, gaya ng: mga cap, gown, ring, larawan sa pagtatapos, kasiyahan para sa magsisipagtapos, atbp. Maaari kang mag-opt sa pagpapalabas ng impormasyong ito para sa layuning ito, sa pamamagitan ng paghingi at paghahain ng Form sa Pag-opt Out sa FERPA sa paaralan ng iyong anak.

Impormasyon sa Direktoryo para sa Lahat ng Layunin
Maaari ka ring humiling na panatilihing kumpidensiyal ang iyong impormasyon sa direktoryo (address, numero ng telepono, email at mga larawan—kabilang ang yearbook) at hindi mailathala o maibahagi para sa anumang layunin. Maaari ka ring mag-opt out na hindi mailabas ang impormasyong ito sa pamamagitan ng paghiling at paghahain ng Form sa Pag-opt Out sa FERPA sa paaralan ng iyong anak.

Paggamit ng Pamatay-peste

Layunin ng paunawang ito na payuhan ka tungkol sa pana-panahong pangangailangan ng Distrito na gumamit ng mga pamatay-peste, gaya ng para sa pagkontrol ng damo, para sa ilang partikular na lugar at pasilidad. Bagama't nitong mga nakalipas na taon ay tuluyan na naming nabasawan ang paggamit ng pamatay-peste sa pamamagitan ng epektibong plano sa Pangkalahatang Pamahahala ng Peste (Integrated Pest Management), may pangangailangan pa rin kami na magsagawa nito. Hindi kailanman kami

regular na gumagamit ng pamatay-peste para sa pagpuksa ng damo, ngunit nakabatay ito ayon sa pangangailangan ng nasasakupan/pasilidad (mga bakod, bitak sa simento, atbp.). Gumagamit ng mga pamatay-peste ayon sa mga itinalagang pamamaraan ng distrito ng Shoreline para sa mga naturang hakbang sa pagpuksa ng peste. Ang mga lisensyadong empleyado ng Distrito sa Estado ng Washington, o mga komersyal na tagalagay lang ang maaaring gumamit ng mga pamatay-peste. Makakakuha ng impormasyon hinggil sa paggamit ng pamatay-peste, kabilang ang isang taunang buod, sa pagtatapos ng bawat taong pampanuruan, sa tanggapan sa Pagmementina ng Distrito (District Maintenance) sa Shoreline Center.

Nakalimbag sa ibaba ang isang bahagi ng batas, partikular dito ang, Washington State RCW (17.21.415) na naglalarawan sa mga proseso ng paaralan para sa pagbibigay ng paunawa tungkol sa paggamit ng pamatay-peste. Tandaang ang terminong “paaralan,” gaya ng nakasaad dito, ay tumutukoy sa “distrito ng paaralan” at hindi isang partikular na paaralan na magsasagawa ng legal na responsibilidad na ito.

Panghuli, nakasanayan na ng ating Distrito na kung kinakailangan ang paggamit ng pamatay-peste, isinasagawa ang paggamit sa tag-init at iba pang bakasyon ng paaralan sa buong taon, maliban sa mga paminsan-minsang paglalagay na kinakailangan sa lalong madaling panahon.

Inaatasan ng RCW 17.21.415 ang paaralan na:

1. Magtalaga ng sistema sa pagbibigay ng paunawa na, sa pinakakaraniwan, ay nagbibigay ng paunawa sa mga magulang o tagapag-alaga ng mga mag-aaral at empleyado nang hindi bababa sa apatnapu’t walong oras bago ang paggamit ng pamatay-peste sa pasilidad ng paaralan.
2. Kasama dapat sa sistema ng pagbibigay ng paunawa ang pagpapaskil ng paunawa kung saan madali itong makikita sa pangunahing tanggapan ng paaralan.
3. Kasama dapat sa lahat ng paunawa sa mga magulang, tagapag-alaga, at empleyado ang heading na “Paunawa: Paggamit ng Pamatay-peste” at sa pinakakaraniwan ay nagsasaad ng:
(a) Pangalan ng produkto na gagamiting pamatay-peste;
(b) Nilalayong petsa at oras ng paggamit;
(c) Lokasyon kung saan gagamitin ang pamatay-peste;
(d) Pupuksaing peste; at
(e) Pangalan at numero ng telepono ng contact na tao sa paaralan.
4. Ang paggamit sa isang pasilidad ng paaralan ay dapat isagawa sa loob ng apatnapu’t walong araw kasunod ng nakatakdang petsa at oras na nakasaad sa paunawa, kung hindi, uulitin ang proseso ng pagbibigay ng paunawa.
5. Sa panahon ng paggamit, dapat magpaskil ang paaralan ng mga karatula ng paunawa para sa lahat ng paggamit ng pamatay-peste na isasagawa sa mga pasilidad ng paaralan, maliban kung ang paggamit ay iniaatas na ipaskil ng isang sertipikadong tagapaglagay alinsunod sa mga probisyon ng RCW17.21.410 (I) (d).
(a) Ang mga karatula ng paunawa para sa mga paggamit sa nasasakupan

ng paaralan ay dapat ilagay ng mga empleyado ng paaralan sa lokasyong paggamitan at sa bawat pangunahing lugar ng pasukan sa nasasakupan ng paaralan. Pinakamaliit na dapat sa mga karatula ang sukat na apat na pulgada sa limang pulgada at dapat nakasaad dito ang: “ANG LUGAR NA ITO AY NILAGYAN O GINAMOT KAMAKAILAN GAMIT ANG MGA PAMATAY-PESTE AYON SA PASYA NG IYONG PAARALAN” bilang headline at “MANGYARING TUMAWAG PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON” (lahat ay nasa malaking titik) bilang footer. Nakalagay dapat sa footer ang pangalan at numero ng telepono ng contact na tao sa paaralan.

Pakitandaan: ang mga pangunahing lugar ng pasukan ay tinutukoy bilang pinakakaraniwang daanan o kalsada papunta sa nasasakupan ng paaralan.

(b) Ang mga karatula ng paunawa para sa mga paggamit sa pasilidad ng paaralan maliban sa nasasakupan ng paaralan ay dapat ilagay sa lokasyong paglalagyan. Pinakamaliit na dapat sa mga karatula ang 8.5 X 11 na pulgadang laki at dapat isaad ang heading na “Paunawa: Paglalagay ng Pamatay-peste” at sa pinakakaraniwan ay nagsasaad ng:

(i) Pangalan ng produkto na ginamit na pamatay-peste;

(ii) Petsa at oras ng paggamit;

(iii) Lokasyon kung saan ginamit ang pamatay-peste;

(iv) Pinupuksang peste; at

(v) Pangalan at numero ng telepono ng contact na tao sa paaralan.

(c) Ang mga karatula ng paunawa ay dapat nakalimbag nang magkakontra ang mga kulay ng print at background.

(d) Dapat manatili ang mga karatula ng paunawa sa loob ng hindi bababa sa dalawampu’t apat na oras mula sa oras ng pagtatapos ng paggamit.

Kung sakaling nakalagay sa label ng pamatay-peste ang pangangailangan ng paghihigpit ng pagpasok, nang lampas sa dalawampu’t apat na oras, dapat manatili ang paunawa sa kinalalagyan nito ayon sa tagal ng paghihigpit sa pagpasok ayon sa nakasaad sa label. Hindi pananagutan ng mga paaralan ang mga karatulang tatanggalin ng mga hindi awtorisadong indibidwal.

6. Hindi kasama sa paggamit sa pasilidad ng paaralan ang paggamit ng mga anti-microbial na pamatay-peste o ang paglalagay ng mga panghuli ng insekto o daga na hindi naaabot ng mga bata.

7. Hindi nalalapat ang mga kinakailangang paunang paunawa sa seksyong ito kung ang paggamit sa pasilidad ng paaralan ay kapag walang mag-aaral ang paaralan sa loob ng hindi bababa sa dalawang magkasunod na araw, pagkatapos ng paggamit.

8. Hindi nalalapat ang mga kinakailangang paunang paunawa sa seksyong ito sa anumang emergency na paggamit sa pasilidad ng paaralan para sa pagpuksa sa anumang peste na maaaring magdulot ng agarang banta sa kalusugan o kaligtasan ng tao, gaya ng paggamit upang mapuksa ang mga namumutakting insekto. Kapag nagsagawa ng emergency na paggamit sa pasilidad ng paaralan, ang pagbibigay ng paunawa na naaayon sa sistema ng pagbibigay ng paunawa ng paaralan ay dapat ipalabas sa lalong madaling panahon pagkatapos ng paggamit. Kasama dapat sa paunawa ang impormasyong naaayon sa mga karaniwang

kinakailangan sa paunang paunawa.
9. Alinsunod sa kabanatang ito, dapat iatas ng paaralan ang pagpapanatili ng mga talaan ng paggamit ng pamatay-peste, kabilang ang isang taunang buod ng mga talaan, na makukuha kaagad ng mga taong may interes dito.
10. Hindi pananagutan ng paaralan ang pag-aalis ng mga karatula ng mga hindi awtorisadong indibidwal. Ang isang paaralang sumusunod sa seksyong ito ay hindi maaaring papanagutin sa pagsira ng personal na pag-aari o pisikal na pinsala na resulta ng ipinaskil na karatula ayon sa kinakailangan.

Plano sa Pamamahala ng Asbestos

Bilang bahagi ng pangangasiwa ng asbestos sa paaralan, hinihiling ng Ahensya sa Pagprotekta ng Kalikasan (Environmental Protection Agency) na abisuhan ng mga paaralan ang mga organisasyon ng mga magulang, guro at empleyado na mayroong binuong plano sa pamamahala ng asbestos para sa kanilang distrito ng paaralan.

Noong 1988, gumawa ang Distrito ng Paaralan sa Shoreline ng plano sa pamamahala ng asbestos para sa bawat isa nitong pasilidad. Itinatala ng mga planong ito ang mga lokasyon ng mga materyales na may asbestos sa bawat isa nitong pasilidad. Ang mga talaan ng lahat ng pagsasanay, paunawa, pag-inspeksyon, muling pag-iinspeksyon, pati na rin ang mga buod ng gawaing may kaugnayan sa paggamit ng asbestos o mga aktibidad sa pagbabawas ng asbestos ay pinapanatili ng Departamento sa Pagmementina ng Distrito ng Paaralan sa Shoreline (Shoreline School District Maintenance Department) na nasa 18560 1st Ave. N.E., Shoreline, Washington. Ang bawat isang plano sa pamamahala ng asbestos ng Distrito ng Paaralan sa Shoreline ay naihain sa Tagapamahala ng Pampublikong Pagtuturo at makukuha sa pang-administratibong tanggapan ng paaralan at sa Departamento sa Pagmementina ng Distrito ng Paaralan sa Shoreline (Shoreline School District Maintenance Department). Kabilang sa isang panregulatoryong iniaatas ang paunawa ng distrito ng paaralan para sa lahat ng panandaliang trabahador na magtatrabaho sa gusaling pampaaralan, tungkol sa pagkakaroon ng plano sa pamamahala ng asbestos. Ibibigay ng kawani ng tanggapan sa bawat lugar ang plano sa pamamahala ng asbestos para sa kanilang mga gusali sa lahat ng panandaliang trabahador na magsasagawa ng pagsasaayos o pagmementina sa kanilang gusali. Nakasaad sa pabalat ng plano sa pamamahala ng asbestos kung aling materyal ng gusali ang mayroong asbestos at nakasaad sa Tab V ang higit pang detalye sa bawat materyales at lokasyon ng mga ito.

Shoreline School District

Iulat ito!

PARA SA MGA EMERGENCY MANGYARING TUMAWAG SA 911!

Ang SafeSchools Alert ay ang serbisyo ng ating distrito para sa pag-uulat ng impormasyon. Kung mayroon kang impormasyon tungkol sa banta sa ating kaligtasan, gawin ang iyong makakaya at iulat ito! At tandaan, puwede kang manatiling anonymous.

4 na madaling paraan

- http://1261.alert1.us
- 1261@alert1.us
- 206.317.5768
- I-text ang iyong mga impormasyon Sa 206.317.576

Iulat ang mga impormasyon tungkol sa:

- Pananakot
- Paninindak
- Panliligalig
- Mga Armas
- Droga
- Iba pa

safeSCHOOLS ALERT

For emergencies, always call 911. All tips submitted to our SafeSchools Alert system are taken seriously and will be acted upon. Please be responsible with your submissions

SHORELINE PUBLIC SCHOOLS

SHORELINE SCHOOL DISTRICT #412
18560 1ST AVENUE NE
SHORELINE, WA 98155-2148

Non-Profit Org.
US POSTAGE PAID
SEATTLE, WA
PERMIT NO. 1066